# Ang Anotadong Salin ng Akdang Ang Maikling Maikling Kasaysayan ng Kalookan

**Wogie T. PACALA**
University of the Philippines Diliman
wtpacala@upd.edu.ph
https://orcid.org/0000-0001-9795-0122

**Abstrak**

Ang akda ng yumaong si Leopoldo R. Serrano na pinamagatang A Brief History of Caloocan ang pinaka-unang malaliman at seryosong pagsusulat sa kasaysayan ng pamayanan sa isang publikasyon na inilibas ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas noong 1958. Ito rin ang naging batayan ng ilan pang mga aklat na inilabas patungkol sa kasaysayan ng lungsod, kaya masasabi rin na ito ang canon sa usaping ito. Naka-ilang ulit ang pagkakalimbag ng sanaysay na ito ni Serrano mula 1960 hanggang 1971. Sa kasamaang-palad ay mahirap na itong hanapin sa ngayon sapagkat nasa piling aklatan lamang ang may kopya ng nasabing sanaysay. Layunin ng akda na ito na ihayag ang klasik na akdang ito ni Serrano at maisalin upang mas maabot ito ng nakararami. Isasakonteksto rin ito sa estado ng pag-aaral tungkol sa lungsod at sa historiograpya nito. Gayundin, sa pagkakasalin nito na may anotasyon ay nais din ng artikulong ito na makapag-ambag sa papasibol na Araling Kalookan.

**Mga Susing Salita:** Kalookan, Leopoldo Serrano, historiograpiya, pagsasalin, kasaysayang pampook

**Abstract**

The work of the late Leopoldo R. Serrano entitled, "A Brief History of Caloocan," is the first in-depth and serious writing on the history of the community that was released in a publication of the Philippine Historical Association in 1958. This also became the basis of the books later released, hence, making it a canon in the said topic. Serrano's essay was published several times from 1960 to 1971. It is a misfortune that it is inaccessible nowadays because only few selected libraries have a copy of the said work. This work aims to spread Serrano's work and be translated into Filipino so that it would have a wider reach. The work will also be contextualized in the state of local studies and its historiography. Furthermore, this annotated translation aims to contribute to the rising Caloocan Studies.

**Keywords:** Caloocan, Leopoldo Serrano, historiography, translation, local history

Pacala, Wogie T. "Ang Anotadong Salin ng Akdang Ang Maikling Maikling Kasaysayan ng Kalookan." *TALA* 6:2 (December 2023), pp. 88–121.

**Tala hinggil sa Pagsasalin:** Ang tagasalin ay lubusang nagpapasalamat sa kabutihang-loob sa mga bumubuo sa Lupon ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas lalo sa dating Pangulo nitong si Dr. Maria Luisa T. Camagay at ang Kalihim na si Prop. Jonathan C. Balsamo, sa kanilang pagpapahintulot na aking gamitin ang edisyon ng akda ni Prop. Serrano na inilabas sa Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas. Ang kapahintulutan ay kapwa ibinigay nina Dr. Camagay sa isang email message sa tagapagsalin noong Enero 2023 at ni Prop. Balsamo ngayong Disyembre 2023.

Kilala ang Kalookan sa kanyang taguri bilang isang, "Makasaysayang Lungsod," dahil dito naganap ang unang pagtindig ng mga mamamayang Pilipino sa ngalan ng kalayaan. Ngunit, isa ring kabalintunaan kung masasabi sapagkat sa kabila ng kaniyang taguri ay salat ito sa kasaysayan. Sa kabila ng pagkakaroon nito ng maraming manunulat ay kakaunti lamang ang mga akda na tumatalakay sa kasaysayang pampook ng lungsod na ito, na nagsisilbing sangandaang papasok at palabas ng Maynila.

Sa usaping pangkasaysayan ay laging naiuugnay ang Kalookan sa usapin ng Himagsikan, at halos pahapyaw lamang ang pagtalakay sa kuwento ng lungsod noong panahon ng pamamahalang kolonyal ng parehong Kastila at Amerikano. Mayroon ding mga iilang tematikong pag-aaral ang naisagawa hinggil sa lungsod.

Sa kasaysayan at historiograpiya ng lungsod ay mayroon lamang dalawang manunulat na nagsulat ng komprehensibong pagtalakay sa kasaysayan ng Kalookan. Sila ay sina Agapito Joaquin, na nagsulat noong dekada 80 at Leopoldo Serrano, na naglabas ng kaniyang akda noon namang dekada 50. Ang akda ng huli ay lalapatan ng anotadong salin, at bibigyang-konteksto sa akdang ito.

## Ang Panitikang Pangkasaysayan ng Kalookan

Ang Kalookan ay malimit na makilala dahil dito naganap ang Unang Sigaw, na siyang naging dahilan kung bakit dito naitayo ang monumento ni Andres Bonifacio. Ang kabanata ng himagsikan ay madalas nang nabibigyang-diin dahil sa mga usaping pang-historiograpiya tulad ng eksaktong lokasyon ng Pugadlawin,[1] o hindi kaya'y pagiging kabilang nito sa mga kaganapan ng

[1] *Cf:* Soledad Borromeo-Buehler. *Cry of Balintawak* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 1997); Zeus A. Salazar. *Agosto 29-30, 1896: Ang Pagsalakay ni Bonifacio sa Maynila*

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

nasabing kabanata ng kasaysayang pambansa. Kung ang pag-uusapan naman ay ang mga personalidad ay malimit nang naililimbag ang mga pag-aaral patungkol sa mga makabayang anak ng Kalookan na sina Melchora Aquino at Gregoria de Jesus. Sa parehong usapin, halos walang pag-aaral na ginawa sa mga lokal na bayani tulad nina Silverio Baltazar, Joaquin Rodriguez, Lorenzong Lupa o Name,[2] atbp.

Ngunit sa bago at pagkatapos ng kapanahunan ng himagsikan ay bibihira lamang ang mga akda na nagbibigay-diin sa kasaysayang pampook ng Kalookan. Sinasabing sumulat ang isa sa mga manunulat at dating Punongbayan nitong si Godofredo Herrera ng akdang pinamagatang, “La Historia de Caloocan.”[3] Sa kasamaang-palad ay nadamay ito nang masira ang aklatan ng mga Herrera noong kasagsagan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.[4] Ang akda ni Herrera ay hindi nailimbag, at maaring nasa pribadong koleksyon, kung may nakaligtas mang kopya ng manuskrito nito.

Karamihan ng mga sumulat ng akdang pangkasaysayan ay naglabas ng kani-kanilang mga akda sa pagtatapos ng digmaan. Nauna na ang *Historical Data Papers,* ngunit napakaraming mga pagkukulang sa mga nilalaman nito dahil hindi nasaklaw ang ilang mga barangay ng Kalookan, at iilang pahina lamang ang naisulat. Ngunit ang mas malalim na pagsusulat nito ay sa akdang ilalabas sa papel na ito na isinulat ni Leopoldo R. Serrano, na unang inilabas noong 1956, na napakatagal na ginamit ang akdang ito dahil na rin sa akademikong paglalapat nito ng naratibo ng Kalookan.

May ilang mga sikat na manunulat mula sa Kalookan ang nag-ambag sa pagsusulat ng kasaysayang pampook, tulad ng nobelistang si Fausto J. Galauran, na sumulat sa kasaysayan ng San Roque de Kalookan, noong 1965.[5] May mga ilang sumulat din sa ilang pahayagan ngunit makikita pa rin ang bakas

(Miranda Bookstore, 1994); Jim Richardson. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2013).

[2] Ang apelyido ay binabaybay bilang Name, Nami o Namie. Ang una’y nasa tala ni Galauran noong 1965 na ipinalimbag ng San Roque, habang ang Nami ay makikita sa *service record* ni Telesforo Nami na taga-Kalookan rin. Isang kalsada naman sa Kalookan ang may pagkakabaybay na, “C. Namie,” na hindi pa matukoy ang eksaktong ugnayan ng mga personalidad na ito.

[3] “Godofredo B. Herrera (1910-1913)” Folder 30, Drawer 1, Koleksyon ng Aklatang Lungsod ng Kalookan.

[4] Carmen Herrera-Acosta. *Kandidata at Iba Pang Maiikling Kuwento* (Maynila, 1969): iv.

[5] Fausto J. Galauran. "Ang Kasaysayan ng Simbahang Katoliko ng Kalookan," *sa Pang-alaalang Palatuntunan sa Pistang Lungsod ng Kalookan sa karangalan ng mga pinipintakasing Mahal na Birhen de la Nieva at Poong San Roque ika 20-21 ng Pebrero 1965.*

© 2023 Wogie T. Pacala

mula sa akda ni Serrano. Noong huling bahagi ng dekada 70 ay hindi na masyadong ginagamit ang akda ni Serrano sa mga publikasyon dahil na rin sa pagpapalit ng pamunuan sa Kalookan. Ito ay dahil mismong ang isa sa mga matataas na opisyal na si dating Konsehal na si Agapito Joaquin, ay isang manunulat at abogado. Gayundin, ito rin ang kanyang tinubuang bayan.

Nang siya ay mahirang bilang *consultant* ng Tanggapan ni Alkalde Fider at bilang *officer-in-charge* ng Aklatan at Museo ng Lungsod, ay itinaguyod niya ang diwa ng kultura at kasaysayan ng Kalookan. Pinangunahan niya mismo ang pagsusulat ng mga publikasyong may kinalaman sa Kalookan. Makikita ang mga ito sa iba't ibang taunang aklat (*yearbook*) na inilabas noong 1977-1979.[6] Si Joaquin ay sumulat ng iba't ibang sanaysay pangkasaysayan sa mga taon na inilabas ang mga nasabing publikasyon katulad ng *Sons of the Fishermen,*[7] na tumatalakay sa binuod na maagang kasaysayan ng Kalookan noong panahong kolonyal at *The Battle of Kalookan – Its Place in Philippine History,*[8] na tumatalakay naman sa kasaysayan ng Kalookan noong panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano, at noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sinasabi sa parehong sanaysay na nabanggit na magiging bahagi ito ng isang paparating na aklat na pinamagatang *Kalookan – A Historical Perspective*, na sana'y papatnugutan ng Alkalde Fider at ni Agapito Joaquin. Sa kasamaang-palad, hindi nailabas ang publikasyon.

Noong 1981 ay inilabas naman ni Joaquin ang ikalawang edisyon ng *Two Golden Decades*. Sa bagong edisyon na ito ay inalis ang akda ni Serrano at pinalitan ito ng isang sanaysay hinggil sa Kasaysayan ng Kalookan na may ilang mga kabanata na mismong sinulat ni Joaquin. Sinabi ni Joaquin sa kanyang akda na kaniya pa ring sinangguni ang akda ni Serrano.[9]

Mayroon ding mga inilabas na akda patungkol sa Kalookan matapos ang mahabang panahon ng pagsusulat ni Agapito Joaquin. Nariyan ang isinulat ni Modesta Boquiren na *Caloocan: Yesterday, Today, and Tomorrow - A Reference*

[6] *Kalookan '77-'79.* Koleksyon ng Aklatang Lungsod ng Kalookan.

[7] "Sons of the Fishermen," sa *Kalookan 77: A Commitment to the City of Man.* Koleksyon ng Aklatang Lungsod ng Kalookan.

[8] "The Battle of Kalookan – Its Place in Philippine History," sa *Kalookan, Lungsod ng Kagitingan: A Souvenir of the 16th Foundation Day and other February Events in the History of the City of Kalookan.* Koleksyon ng Aklatang Lungsod ng Kalookan.

[9] Agapito M. Joaquin. *Two Golden Decades,* 2nd ed (Kalookan, 1981): 4.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

*Material,*[10] noong taong 2006, at ang pinakahuli'y ang *Discover the New Caloocan: The Monument of a Dynamic City,*[11] na noong 2017. Pahapyaw ding natalakay ang ilang salik pangkasaysayan ng Kalookan sa mga akda nina Michael Pante tungkol sa pagkakabuo ng Lungsod Quezon[12] at ang akda nina Rosalina at Emmanuel Calairo, patungkol naman sa kasaysayan ng Novaliches, na lumaon ay napasailalim sa Kalookan.[13]

Bukod sa mga aklat ay mayroon pang mga pagsasaliksik ang inilabas patungkol sa Kalookan. Ilan sa mga tema nito ay tungkol sa mga parokya,[14] sa imprastraktura,[15] at iba't ibang mga institusyon sa lungsod.[16] Ang ilan ay lumabas bilang journal articles at ang karamihan ay mga tesis mula sa ilang malalaking unibersidad sa Kamaynilaan.

## Si Leopoldo Serrano at ang Akda

Si Leopoldo R. Serrano, na tubong-Nueva Ecija, ay isa sa mga aktibong tagapagtaguyod at kasaping tagapagtatag ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas o ng *Philippine Historical Association*, noong dekada 1950 at 1960. Siya rin ay propesor ng Departamento ng Kasaysayan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kung susuriin ang kaniyang mga akda ay masipag siyang magsulat ng mga artikulong pangkasaysayan sa mga pahayagan.

---

[10] Modesta Boquiren. *Caloocan: Yesterday, Today, and Tomorrow - A Reference Material* (Malabon: H.E. Academia Enterprises, 2006)

[11] *Discover the New Caloocan: The Monument of a Dynamic City*. Kalookan: Forms International Enterprises Corp., 2017.

[12] Michael Pante. *A Capital City at the Margins: Quezon City and Urbanization in the Twentieth Century Philippines* (Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2019)

[13] Emmanuel F. Calairo and Rosalina M. Franco-Calairo. *Ang Kasaysayan ng Novaliches* (Novaliches, Lungsod Quezon, 1997)

[14] *Cf:* Ellaine Denice H. Marallag, "The History of the Diocesan Shrine of Our Lady of Grace in East Grace Park, Caloocan City (1946-2018)," Tesis Batsilyer, Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Santo Tomas, 2019.

[15] *Cf:* Chen V. Ramos. "Ang Ambag at Gampanin ng Cementerio General de la Loma sa Lipunang Pilipino Noong Panahon ng mga Espanyol, 1863-1884." Hasaan, Tomo 5 (2019). https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2020/08/Hasaan-Journal-Tomo-V-2019-p.63-83.pdf Chen V. Ramos at Jenefy Sarte. "Ang Sementeryo ng La Loma bilang Espasyong Pandigma, Pansanitasyon at Recreational Park, 1899-1945." http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/119. Ang mga akda ni Ramos ay galing sa kanyang Tesis Masterado. Ramon Quiroz, Rhinalou Cervantes-Salamat at Gerald Dizon, "Ang Papel ng Monumento sa Kasaysayan at Ekonomiya ng Caloocan." *Historical Bulletin*, Vol. XLIX (Jan-Dec 2015): 75-104.

[16] Andrea Mari Basbas. "A Journey of Being an Inspiration: History of Manuel L. Quezon Elementary School Malaria, Caloocan (1964-2020)" Tesis Batsilyer, Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Santo Tomas, 2022.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Ang akda niyang, "A Brief History of Caloocan," ay una niyang isinali sa isang patimpalak sa pagsusulat ng mga kasaysayang pampook sa lalawigan ng Rizal, na kung saan siya'y nanalo ng unang karangalan noong 1955. Ang nasabing paligsahan ay inisponsoran ng mismong Pamahalaang Panlalawigan.[17] Ang mga ganitong uri ng mga patimpalak ay madalang lamang noong mga panahong iyon. Sa pagkakapanalo ng akdang ito ni Serrano, ay madalas itong inilalabas sa mga publikasyon na may kinalaman sa Kasaysayan ng Kalookan.

Ang orihinal na manuskrito nito ay ibinigay sa Pambansang Aklatan, na sa kasamaang-palad ay hindi pa nahahanap sa panahong isinusulat ito.[18] Matapos ang patimpalak noong 1955, ay unang inilabas ang akda sa Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas (ngayo'y kilala bilang *Historical Bulletin*) noong Marso 1958.[19] Sumunod itong nailabas sa *yearbook* ng lungsod noong 1962.[20] Isinama rin ito sa isang *souvenir program* para sa inagurasyon ng unang halal na mga opisyal ng noo'y bagong Lungsod ng Kalookan noong 1964.[21] Ipinagdiwang noong 1971 ang ikasiyam na taon ng Lungsod Kalookan, at muli na naman itong nakita sa pahayagang *Weekly Nation.*[22] Sa parehong taon ay itinampok din ang akda sa unang edisyon ng *Two Golden Decades,*[23] isang akda na gumugunita sa pamamahala ng dating Alkalde Macario Asistio, Sr., na noo'y natalo na sa halalan sa ikadalawampung taon niyang panunungkulan bilang Punongbayan ng lungsod.

Ang tagasalin ay nagpasyang piliin ang edisyon ng akda ni Serrano na matatagpuan sa Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas dahil

---

[17] Leopoldo R. Serrano. "A Brief History of Caloocan" sa *Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas*, (March 1958): 41; Romeo V. Cruz. "Sources of Local History," *sa Asian Studies* 22-24 (1984-1986): 2. Ang iba pang detalye ng nasabing patimpalak ay hindi na rin matukoy. Sa panahong isinusulat ito ay minainam na rin ng tagasalin na magpadala ng liham sa ilang mga tanggapan sa Pamahalaang Panlalawigan ng Rizal na dating nakasasaklaw sa Kalookan, ngunit hindi ito nakatanggap ng tugon.

[18] Sa panahon ng pagsasalin at pagsusulat ay maraming mga aklat ang hindi pa maaring mahiram o magamit dahil sa patuloy na na *retrofitting* sa Pambansang Aklatan. Mayroong kopyang *photocopied* sa Koleksyon ng Aklatang Lungsod ng Kalookan, ngunit ito ay hindi kumpleto dahil may ilang mga nawawalang pahina.

[19] Leopoldo R. Serrano. "A Brief History of Caloocan" sa *Buletin,* 41-64.

[20] Leopoldo R. Serrano. "A Brief History of Caloocan," sa *Caloocan City Yearbook.* Mula sa koleksyon ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas.

[21] Leopoldo R. Serrano. "A Brief History of Caloocan" sa *Inaugural Souvenir: Induction of First Elected officials of Caloocan City, 1964-1967.* Personal na koleksyon ng tagasalin.

[22] "Caloocan City Marks 9th Foundation Day," *Weekly Nation*, Pebrero 15, 1971.

[23] Leopoldo R. Serrano. "A Brief History of Caloocan," sa Agapito Joaquin (Patnugot). *Two Golden Decades* (Kalookan, 1971).

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

bukod sa pagiging una nito, ay itinampok pa ng may-akda ang isa sa mga pinakamahalagang kaganapan sa kasaysayan ng mga samahang pangkasaysayan ng Pilipinas— ang pulong ng mga tagapagsulong ng noo'y bagong-tatag na Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas sa Social Hall ng Malakanyang.

Ang pamamaraan ng pagsasaling isinagawa sa akda ni Serrano ay lumalabas sa literal na pamamaraan. Bagaman malaya ang pagkakasalin, ay bumabagtas ito sa dinamiko at naiaangkop (*adapted*) na mga metodo. Binabaybay din sa akda ang balangkas ng mapanuring pagsasaling-bayan na unang ginawa nina Navarro at Campomanes sa *The Aquino Papers.*[24] Ang parehong pamamaraan ng pagsasalin ay inilapat nina Santos at Tugano, sa mga primaryang batis tungkol sa Marikina.[25]

Ang isinaling akda ay nararapat na maipahayag upang maipaunawa sa mga mambabasa, lalo na ng mga taga-Kalookan, ang kasaysayan ng pamayanan. Bahagi rin ito ng demokratisasyon at mas pagpapaabot ng kinakailangang kaalalaman sa panahon na hindi na gaanong nailalabas ang nasabing akda. Bagaman noong 1956 pa ito unang nailabas at ang huli ay noong 1971, masasabi na marami nang datos ang lumitaw kaya dapat na i-update ang nasabing akda.[26] Sa artikulo na ito ay lalapatan ng mga anotasyon ang mga bahagi ng naisaling akda.

## ANG AKDANG NAISALIN[27]

### I

Noong gabi ng Disyembre 12, 1955, sa okasyon ng pagkakahirang sa yumaong Pangulong Ramon Magsaysay bilang pangulong pandangal ng

[24] *Cf.* Atoy Navarro at Alvin Campomanes. "Mapanuring Pagsasaling Bayan ng The Aquino Papers na Unang Inilathala sa The Bangkok Post (Pebrero 21-23, 1973)." *SALIKSIK E-Journal* Tomo 7, Blg. 2 (Mayo 2018). https://ejournals.ph/article.php?id=14336

[25] *Cf.* Mark Joseph Santos at Axle Christien J. Tugano. "Salin at Anotasyon Ng Mga Dokumento Ng H. Otley Beyer Ethnographic Collection Ukol Sa Marikina". *TALA: An Online Journal of History*, 5:2 (Dec. 2022). http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/126.

[26] Sa panahong isinasalin at isinusulat ito ay aktibo ang tagasalin sa pagsasaliksik at pagsusulat ng kabanata sa isang libro patungkol sa Balangkas ng Kasaysayan ng Kalookan, na pinangunahan ng Diyosesis ng Kalookan sa pangangasiwa ni Obispo Pablo Virgilio David. Tinatapos na lamang niya ang kanyang ambag na manuskrito para sa ilulunsad na aklat.

[27] Ang isinaling bersyon ng artikulo ay mula sa Leopoldo R. Serrano. "A Brief History of Caloocan," sa *Buletin* 41-64.

© 2023 Wogie T. Pacala

Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas sa *Social Hall* ng Malakanyang, nagpayo ang makisig na Pangulo sa ating mga lokal na mananalaysay at mga mananaliksik ng kasaysayan na magsumikap sa pagsusulat ng kasaysayan ng bawat lalawigan at bayan ng Pilipinas.

Ngunit, malinaw at nakakalungkot isipin na sa ngayon ay kakaunti pa lamang ang naisasagawa ukol dito. Upang parangalan ang malawak at mayamang munisipalidad ng Kalookan, Rizal, ito na marahil ang isang kumpletong kasaysayan ng isang bayan sa Pilipinas- ang Kalookan- ay naisulat, salamat sa pagkukusa, sa hiraya at pagiging makabayan ng mga opisyal ng isang dakilang lalawigang ipinangalan sa ating pambansang bayani, na siyang naglunsad ng isang patimpalak sa pagsusulat ng kasaysayan tungkol sa mga munisipalidad na kinasasakupan nito mula noong 1953 hanggang 1955.

Dapat malaman ng lahat ng ating mga kababayan na ang Kalookan ay isang bayan sa Pilipinas na nararapat bigyan ng atensyon at interes ng mga lokal na mananalaysay, manunulat at mga mananaliksik ng kasaysayan. Alam ng karamihan na ito ay umusbong mula sa aba at munting pagsisimula- mula sa isang di-kilala at hamak na barrio sa bayan ng Tondo, kabisera ng dating *corregimiento* ng Tondo na lumaon ay naging lalawigan ng Maynila,[28] patungo sa kaniyang kapita-pitagang posisyon bilang nangungunang munisipalidad ng Lalawigan ng Rizal at pinakamayaman sa buong bansa.

Higit sa isa't kalahating dantaon na ang lumipas, ang Kalookan ay binubuo ng grupo ng iilang kalat-kalat na mga kubo na kadalasa'y tinitirhan ng mga payak na mangingisda at magsasaka. Ngunit ito'y lumago, sumulong at umunlad, hanggang sa kasalukuyan, ito ang kinikilalang munisipalidad sa bansa na may pinakamalaking kita. Ipinagmamalaki ng Kalookan ang kanyang mayamang sentro ng komersyo, malalaking mga pagawaan, mga tanyag na sentro ng edukasyon, at mga malapalasyong mga mansyon. Ang pag-angat ng Kalookan sa kasalukuyan nitong lagay at tunay ngang karapat-dapat sa atensyon ng isang manunulat, lalo na ng mga historyador.

Ngayon, kahit saang lugar sa ating bansa, ang pagbanggit lamang ng pangalan ng bayan ng Kalookan ay nagpapaalala sa ating mga kababayan ng diwa ng lumipas na Himagsikan, ang kanilang pagmamahal at paggalang sa

[28] *Tala ni Serrano (TS):* "Provincia de Tondo," sa Yldefonso de Aragon. *Descripcion geografica y topografica de la ysla de Luzon o Nueva Castilla, con las particulares de las diez y seis provincias ó partidos que comprehende* (Manila: Impranta de D. M. Memije, 1819)

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

kanilang magiting na nakaraan, ng kanilang matagal na pakikibaka para sa kalayaang pulitikal, para sa lugar nito sa sanlibutan.

Nakikilala ang Kalookan sa pahina ng bawat aklat pangkasaysayan sa ating bansa. Nababanggit din ito sa mga dakilang akda ng mga makata't kompositor. Ito ay itinatanghal sa kaitaasan ng mga orador at manunulat. Ang dahilan: ang bayan ng Kalookan ay ibinibilang kina Andres Bonifacio, Tandang Sora, Antonio Luna, Torress Bugallon, Cecilio Apostol, sa Balintawak, Pugad-lawin, Pasong Tamo at La Loma. Dahil malapit sa ating kasalukuyang sentro, ang Maynila, ang Kalookan ngayon ang nagsisilbing bakod ng Maynila mula sa Gitnang Luzon, Lambak ng Cagayan at Rehiyon ng Ilokos. Laging naalala sa lungsod ang mga lugar gaya ng Grace Park, Bantayog ni Bonifacio, ang *Manila Central University*, Sapatusan ng Ang Tibay, *Premiere Productions, Incorporated,* at ang *Manila Railroad Company.*[29]

## II

Mayroong ilang mga haka-haka o paniniwala tungkol sa kung paano nakuha ng kawili-wiling bayang ito ang kaniyang kasalukuyang pangalan. Maraming naniniwala na ang Kalookan ay nagmula sa salitang Tagalog na look. Ang pagiging malapit nito sa Look ng Maynila (*Manila Bay*) at ang kinalulugaran nito sa silangang dako ng Dagat-dagatan, isang maliit na lawa na nagbubukod sa Look ng Maynila mula sa Navotas, ay nagpapatotoo sa paniniwalang ito. Para sa iilan, ang salitang look ay dating sulok. Kaya ang ibig sabihin ng Kalookan ay maaring, "nasa sulok."[30] Kung tutuusin, matatagpuan ang Kalookan sa "sulok" na kung saan nagtatagpo ang dalawang lumang bayan, ang Tondo at ang Tambobong.[31]

Ang unang pangalan ng Kalookan, nang ito'y isang barrio pa lamang ng bayan ng Tondo, ay Aromahan o Espina, ang ibinigay na tawag ng mga Kastila. Ang unang kinalugaran nito ay sa isang mababang lugar na tinatawag na

[29] *Tala ng Tagasalin (TT):* Tanging sa edisyon lamang na ito makikita ang ganitong pagkakasulat na pambungad ni Serrano sa kaniyang akda.

[30] TT: Bukod sa sulok ay may ilan pang paglapat ng interpretasyon tulad ng "loob," dahil sa looban na lokasyon ng población kung babaybayin ang dalawang katabing bayan, o kung mula naman sa baybayin ng Dagat-dagatan.

[31] *TT*: Ngayo'y bahagi ng Malabon at Navotas.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Libis,[32] na nasa kanluran ng kasalukuyang *poblacion* ng Kalookan, ito'y ngayo'y kilala bilang Libis Espina.[33]

## III

Sa pagtatapos ng ika-18 siglo, ayon kay Padre Joaquin Martinez de Zúñiga, na bumisita sa panahong iyon, mayroon lamang itong 100 tributo o nasa 500 mamamayan.[34] Ang ilan ay naakit na manatili o tumira nang tuluyan sa baryong iyon, dahil sa pagiging mabato at maburol ang lugar. At ang mga unang nanirahan dito ay naghanap-buhay sa pamamagitan ng pangingisda sa malapit na lawa at pagsasaka sa mga matatabang lupa na karamiha'y sakop ng mga hacienda na pagmamay-ari ng mga relihiyosong korporasyon. May mga ilang desbentáha: matatagpuan ito sa isang liblib na lugar na hindi naaabot kapag tag-ulan, ang mataas at lantad na posisyon nito ang nagiging dahilan upang masalanta ng malalakas na bagyo ang residente at dito rin ang pinaglalagian ng mga magnanakaw at ng ibang mga masasamang-loob. Hindi nakakapagtaka kung bakit ang mga unang nanirahan ay laging mahirap at gipit. Madalas na nababanggit na hindi nila kayang ipaayos ang unang simbahang ipinatayo ng mga paring Agustino, na noo'y napapabayaan na.

Ang pagpapaalis sa mga Heswita mula sa Pilipinas noong 1768 at ang pagsalakay ng mga Briton noong 1762 ay nakaapekto sa mga taga-Kalookan. Dahil karamihan ng mga matataba't mayayamang kalupaan ng Kalookan ay pagmamay-ari ng Hacienda ng Maysilo na hawak ng mga Heswita, kinumpiska ito ng Pamahalaang Kastila at ipinagbili sa isang mestizo.[35] Ang mga nakikisaka ay kinakailangang sumunod sa kondisyong itinakda ng bagong may-ari. Ang pananakop ng mga Briton sa Maynila ang nagpalala sa sitwasyon ng kapayapaan at kaayusan sa Kalookan. Nang mapasakamay na nila ang Intramuros, ay kanilang pinalaya ang mga bilanggo. Ang mga ito, na sinamahan pa ng ibang mga masasamang-loob, ay nagtungo sa Kalookan na kung saan

[32] *TT:* Ani Nick Joaquin, ang "libis" aniya ay nangangahulugan din bilang "sulok." Quijano de Manila. *Language of the Street and Other Essays,* (National Bookstore, 1980): 126. Ngunit sa Filipino nangangahulugan din ang libis bilang padalisdis o palusong na daan. Mapapansin na ang bawat dalisdis ay ipinangalan sa apelyido ng iba't ibang *principalias* ng Kalookan tulad ng Libis Nadurata.

[33] *TS*: Mula sa *A Brief Historical Sketch* (of Caloocan) na inilabas bilang polyeto ng Parokya ng San Roque de Caloocan noong Enero 8, 1949.

[34] *TS*: Joaquin Martinez de Zúñiga. *Estadismo de las Islas Filipinas,* Tomo I (Madrid, 1893): 329-332.

[35] *TT:* Hindi ito natukoy ni Serrano ngunit ang mestizo na unang nakabili ay si Don Juan Ramirez de Arellano, at lumaon ay ipinagbili na rin sa *mayorazgo* o royal estate ng pamilya ni Don Antonio Tuason.

© 2023 Wogie T. Pacala

sila'y gumawa ng maraming krimen. "Ang mga taong pinaslang," isinulat ni Padre de Zúñiga, "ay makikita sa kalsada, mga hubad at tinadtad ng saksak na nagpapakita ng karumal-dumal na kondisyon na kanilang sinapit na kung saan sila'y pinatay upang pagnakawan."[36]

Inilarawan ni Padre de Zúñiga ang mga unang nanahan sa Kalookan sa mga sumusunod na kataga:

> Ang mga naninirahan ay mga mestisong Tsino o Indio; ang kanilang pangangatawan ay tulad ng lahat ng mga Indio sa Pilipinas; sila'y maputla, manipis ang balbas, pango at itim ang mga mata. Sa kanilang kaugalian, pamamaraan, at ibang mga katangian, tulad sila ng kanilang mga kababayan. Dahil naninirahan ang mga ito malapit sa Maynila, sila'y mas sibilisado; ngunit, sila'y mahilig sa bisyo at pagsusugal, at mas mapanlinlang sa pakikitungo sa iba.[37]

## IV

Ang balak na pagbuo ng isang bayan ng Kalookan na hiwalay sa sibil at eklesyastikal na pamamahala ng bayan ng Tondo ay naisakatuparan noong pagwawakas ng ikalabing walong siglo.[38] Ngunit hindi ito natupad hanggang noong 1815, dahil ang mga may katungkulan na naatasang magsagawa nito ay hindi makapagpasya kung saan ilulugar ang bayan dahil tatlong barrio—Tinajeros, Maysilo at Kalookan—ay balak pagsamahin.[39] Nang tuluyang mabuo ang Kalookan bilang isang hiwalay na bayan, hindi naisama ang unang dalawang baryong nabanggit.[40] Si Mariano Sandoval ang unang gobernadorcillo at si Padre Manuel Vaquero, isang Recoleto, ang unang kura.[41]

Kumpara sa dalawang karatig-bayan, ang Tambobong at Marikina, ang Kalookan ay bagu-bago pa lamang. Ang Tambobong ay itinatag noong 1607, at ang Marikina'y noong 1690. Ngunit, ang dalawa pang karatig-bayan ang

[36] *TS:* Zúñiga. *Estadismo de las Islas Filipinas,* 336.

[37] *TS:* Zúñiga. *Estadismo de las Islas Filipinas,* 340.

[38] TT: Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng pagtatayo ng misyon ng Kalookan noong 1762, ngunit napabayaan. Ang estado ng Kalookan ay isinulat din ni Zúñiga.

[39] *TS:* Zúñiga. *Estadismo de las Islas Filipinas,* 339.

[40] *TT:* Hanggang ngayon ay barangay pa rin ng Malabon ang Tinajeros at ang Maysilo, ang dating sentro o *casa hacienda* ng kapangalang hacienda. Ang Hacienda de Maysilo sa kasalukuyan ay pinaghahatian ng kasalukuyang mga lungsod ng Malabon at Kalookan.

[41] *TT:* Ang pangangalaga sa Kalookan ay nailipat sa mga Recoleto dahil hindi na mapamahalaan ito ng mga Agustino.

© 2023 Wogie T. Pacala

Novaliches at Navotas ay mas huli pang nabuo kaysa Kalookan. Ang una'y noong 1856 at ang huli'y noong 1853.

Bilang isang hiwalay na bayan, kanugnog ito sa hilaga ng barrio Tinajeros, Tambobong at ng Ilog Tanza; sa silangan nama'y ang bayan ng Marikina; sa timog ay bayan ng Sampaloc at Santa Cruz, gayunin ang Hacienda de Santa Mesa at ang sitio ng San Francisco del Monte, San Juan, sa kanluran naman nito'y ang bayan ng Tondo at Tambobong.[42] Samakatuwid, napakalaki ng orihinal na teritoryo nito.

Sa pagbuo o pagtatayo ng isang bayan noong panahon ng mga Kastila, hindi kinalilimutan ang presensya o pagiging kalapit ng sapat na pagmumulan ng tubig tulad ng mga bukal, batis, at mga mababababaw na anyong tubig. Marami nito sa Kalookan. Sa pagsusuri ng isang Kastilang manunulat, "maraming pagmumulan ng tubig at ang bayan ay napapaligiran ng Ilog Tala sa hilaga at ng Ilog Francisco sa timog."[43]

Noong 1802 nang magsimulang naging maunlad at lumawak ang Kalookan. Ang sentro nito ay nailipat sa lugar ng kasalukuyang *poblacion*. Bago maging hiwalay na bayan at sa mga susunod na dekada ng pagiging isang bayan, nagkaroon ito ng mabagal at masalimuot na pag-unlad.

Sa pagpasok ng ikalabing siyam na siglo, ang mga nakatira sa Kalookan ay nagtatanim ng bigas, mga prutas, tubo, mais at mga gulay. Sila'y naghahabi, gumagawa ng asin at mga lubid, nagtitibag ng mga bato at pagpapalayok. Ang kanilang mga produkto ay mabenta sa Maynila at kumikita mula sa mga pilak na mula sa Acapulco na dulot ng kalakalang galyon.[44] Ang mga bakawan na lumalago sa kanlurang hangganan ng Kalookan ay ginagamit sa paggawa ng sunog na apog.

---

[42] *TS:* Manuel Buzeta at Felipe Bravo. *Diccionario geográfico, estadistico, histórico de las Islas Filipinas*, Tomo I (Madrid, 1850): 31.

[43] *TS:* Aquilino Bon de San Sebastian. *Provincia de San Nicolas de Tolentino de Agustinos descalzos de la Congregación de España é Indias* (Manila: Imprenta del Colegio de Santo Tomás, 1879): 37.

[44] *TT:* Ang Kalookan ay naging pueblo noong 1815, parehong taon ng buwagin ang Kalakalang Galyon. Ngunit, kinakailangan pa ng matinding pagsasaliksik sa sinupan hinggil sa mga produkto ng Kalookan noong ito'y nasa ilalim pa ng pueblo de Tondo.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

## V

Ang mga sumusunod ay nagsilbi bilang mga gobernadorcillo ng Kalookan (ang kanilang mga pangalan ay nakaayos batay sa pagkakasunod ng kanilang mga termino):[45] Mariano Sandoval, Domingo Sánchez, Mariano de la Cruz, Blas de la Cruz, Nazario Buson, Santiago Sánchez, Victoriano Sánchez, Patricio Migia, Martin Estanislao, Nicolas Victorio, Leon Mendoza, Agustín Dalaguiado, Nicolás de Jesús, Adriano Sánchez, Nicolas Victorio, Celestino Villa, Florentino Sánchez at Miguel Saludes.[46] Ang huli'y nagsilbi bilang *capitan municipal* ng Kalookan, nang maipasa ang Batas Maura na nagpalit ng titulo ng punong bayan noong huling tatlong taon ng rehimeng Kastila. Ang iba pang nagsilbi bilang *capitan municipal* ay sina Silverio B. Baltazar (1893-1896) at Pedro Sevilla (1896-1898).

Ang pamamahalang ispirituwal ng bayan ay nakaatang sa mga Recoletos, ang mga sumusunod na paring Recoleto ay naglingkod bilang kura ng Kalookan[47] (ang kanilang mga pangalan ay nakaayos batay sa pagkakasunod ng kanilang mga termino):[48] Manuel Vaquero, Vicente de S. F. Javier, Manuel Zubirre, Simón López, Manuel de la Ascención [sic], Antonio Paredes, Mariano Tutor, Sabas Tejero, Pedro Soto, Andrés Galdeano, Indalecio Marinez, Gervasio Buguera, José María Belloso, Miguel García at Agustin Garrido.[49]

---

[45] *TT:* Mula 1815-1898 lamang ang listahang ito na nabanggit ni Serrano.

[46] *TT:* Ang pagtunton ng taon ng mga termino ng mga naging gobernadorcillo ay mahirap pang buuin sapagkat walang mga tala hinggil sa kanilang mga termino. Isang masusing pagsisiyasat pa sa mga sinupan ang kakailanganin nito sapagkat may mga gobernadorcillo pang nahalal sa hiwa-hiwalay na termino. Gayundin, sa akda ni Serrano ay hindi niya nabanggit ang mga batayan ng pagkakasalansan ng pangalan ng mga naging gobernadorcillo ng Kalookan.

[47] *TT:* Mula 1815-1898 lamang ang listahang ito na nabanggit ni Serrano.

[48] *TS:* San Sebastian. *Provincia de San Nicolas de Tolentino de Agustinos,* 37.

[49] *TT:* Sina Manuel Zubire at Manuel de la Ascención, ay iisang pari lamang. Ang mga taon, gayundin ang pangalan ng mga naging cura ng Kalookan ay kinumpirma mula mismo sa mga tala sa *file* ng Parokya ng Katedral ng San Roque de Kalookan (pasasalamat kay G. Mico Pacheco), Sinupan ng Arzobispado ng Maynila at sa Francisco Sádaba del Carmen. *Catalogo de los Religiosos Agustinos Recoletos de la Provincia de San Nicolas Tolentino* (Madrid: Imprenta del Asilo de Huérfanos del Sagrado Corazón de Jesús, 1906). Ang buong pangalan ng mga naging Kura Paroko at ang mga taon ng kanilang paglilingkod ay ang mga sumusunod: Manuel Vaquero *de San Miguel* (1815-1819), Vicente *de San Francisco Javier* (1819-1837), Manuel Zubirre *de la Acension* (1837-1842), Simón López *de San Jose* (1842-1849), Antonio Paredes *de la Virgen de los Remedios* (1849-1853), Mariano Tutor *de San Jose* (1853-1860), Sabas Tejero *de la Madre de Dios* (1860-1868), Pedro Soto *de San Juan Bautista* (1869-1872), Andrés Galdeano *de Sta. Ana* (1872-1873), Indalecio Marinez *de Sta. Lucia* (1876-1885, 1888-1889), Gervasio Buguera (1885-1888), José María Belloso *de San Luis Gonzaga* (1889-1891), Miguel García *del Carmen* (1891-1897) at Agustin Garrido *de San Antonio de Padua* (1897-1898). Hindi naisama ni Serrano sa listahan si Toribio Bonel *de Sta. Filomena* (1873-1875).

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Bago at nang maging isang bayan ang Kalookan, ang mga naninirahan ay humaharap sa tatlong matinding problema: una'y kakulangan sa kaayusan at kapayapaan; ang ikalawa'y maraming mga taga-Tondo, Tambobong, Polo, Obando, Meycauayan at Bocaue ang nangungupahan sa tinatamnang lupa sa Kalookan mula sa mga *hacienda*; at ikatlo, ang mga taga-Kalookan ay namumuhay sa matinding kahirapan.[50]

Ngunit lumaon, nagbago at naging maganda ang sitwasyon sa Kalookan nang ito'y naging isang *pueblo*. Bago mag-1896, nakilala ang Kalookan bilang isang payapang bayan. Hindi ito nagdusa sa mga bayolenteng kaguluhan o kaya'y mga pag-aalsa na dulot ng pag-aabuso sa pangangalap ng tributo, ng sapilitang pagtatrabaho (*polo*), kaguluhang agraryo, kontrobersya sa simbahan o kaya'y pang-aapi sa mga mamamayan ng mga tagapamahalang Kastila. Nagkaroon ng pagkakataon ang Kalookan na magkaroon ng mga pinuno na may kalibre at tapang nina Dagohoy, Diego Silang, Juan de la Cruz Palaris o Apolinario de la Cruz.[51]

Noong 1844 ay mayroong labingwalong (18) baryo ang Kalookan: Bagobantay, Balara, Balintawak, Banlat, Baesa, Culiat, Deparo, Krus-na-Ligas, Llano, Manipes, Pasong Malapad, Piedad, Pintungbato, Potrero, Kaybukot, Sauyo, San Bartolome at Tullahan.[52] Ang mga baryong ito ay pinamumunuan ng pitong *tenyente del barrio.* Taong 1850, ang Bagumbong, Loma, Mahabang Gubat, Masambong, Otual at Paso de Laja ay nailista sa dalawampung (20) mga baryo ng Kalookan. Ngunit taong 1877 ay nagkaroon ng malaking pagbabawas sa mga baryong sakop ng Kalookan. Mayroon lamang walang baryo, ang Baesa, Bagobantay, Balintawak, Banlat, Culiat, Loma, Marulas at Talipapa. Pagkatapos ng sampung taon, ay naging sampu ito at ang mga dumagdag ay ang Bahay-toro at Tanque. Nang sakupin ng mga Amerikano ang Kalookan, ang Dulo at Sampalukan, na dati'y bahagi ng poblacion, ay naisama sa listahan ng mga baryo

[50] *TT:* Matagal bago maiangat ang Kalookan bilang isang pueblo. Ang kahirapan sa Kalookan na inilalarawan ni Serrano ay ang estadong pang-ekonomiya nito. Makikita sa mga talagang nakalagak sa Pambansang Sinupan ang mababang kita ng Kalookan. Ang estado ng lokal na ekonomiya ay nararapatan lapatan ng isa pang hiwalay na pag-aaral.

[51] *TT:* Walang naitalang mga lider ng mga pag-aaklas sa Kalookan, ngunit sunud-sunod ang mga krimen na palaging naitatala rito. Ang halimbawa nito'y makikita sa *Ereccion de Pueblos- Provincia de Tondo* at sa masusing pagkakalkal sa *Varias Asuntos* sa Pambansang Sinupan.

[52] *TS: Relación de los individuos de Administración del presente año* (1844). Sangay ng Sinupan, Kagawaran ng Pampulikong Aklatan, Maynila. Ang pagpapalit ng mga numero ng mga barrio ay batay rin sa ibang mga *relaciónes* na nakalagak sa Sangay ng Sinupan, Kagawaran ng Pampublikong Aklatan (*Division of Archives, Bureau of Public Libraries)*

ng Kalookan. Ang mga kasalukuyang baryo ay: Baesa, Bagbaguin, Bagong Barrio, Bagumbong, Balintawak, Kalaanan, Camarin, Grace Park, Kaybiga, Llano, Marulas, Maypajo, Sampalukan, Sangandaan, Santa Quiteria at Talipapa.[53]

## VI

Ang unang simbahang Katoliko ng Kalookan ay itinayo sa Libis Espina noong 1765.[54] Ang Kalookan noo'y baryo pa ng Tondo at mayroon na itong "simbahang gawa sa bato at tisang bubong," at "ang mga tao ay nasa ilalim ng pangangalaga ng isang paring Agustino."[55] Ngunit kailangan nitong mahiwalay sa kanila dahil, "hindi siya kayang suportahan ng mamamayan at ang simbahan ay unti-unti nang nasira."[56]

Ang kasalukuyang simbahan na katapat ng munisipyo ay itinayo ni Fray Vicente García. Noong 1846, iminungkahi ni Fray Simón de San José ang pagtatayo ng isang bagong simbahan sa ibang lugar sa kabayanan, sa kadahilanang hindi na maganda ang lagay ng lumang simbahan. Ito ay hindi pinahintulutan ni Gobernador-Heneral Narciso Clavería noong 1847 dahil naniniwala siya na hindi kakayananin ng pananalapi ng Kalookan ang pagtatayo ng bago at mas malaking simbahan na inihayag sa planong kalakip ng liham-pahintulot.[57]

---

[53] *TT:* Ang Manipes, Pintungbato, Kaybukot, Mahabang Gubat, Otual at Paso de Laja ay hindi na matukoy sa kasalukuyan. Ang Potrero nama'y nanatili bilang isang barangay ng Malabon. Ilan pa sa mga nabanggit ni Serrano ay kasalukuyan nang nasa Lungsod Quezon.

[54] *TT:* Hindi sumasang-ayon ang tagasalin sa pagkakapetsang ito ni Serrano, dahil taong 1762 pa lamang ay may naitayo nang kapilya at may nadestino nang paring Agustino sa noo'y mision de Caloocan. Gayundin, ay naging himpilan pa ang kapilya ni Fray Antonio Jose de San Prospero.

[55] *TT:* Ang Kalookan ay sumailalim sa pangangalaga ni Padre Antonio de San Prospero ng Parañaque noong 1762 hanggang 1765. Ang humalili sa kanya ay si Padre Jose Sopeña mula noong 1765 hanggang 1768. Mula noong 1768 hanggang 1769 ay naging pari nito si Padre Cayetano Romero. Pagkatapos ng termino ng huli ay naging visita ang Kalookan sa ilalim ng Tondo.

[56] *TS:* Zúñiga. *Estadismo de las Islas Filipinas,* 329-332.

[57] *TS: Solicitud del Párroco de Caloocan, Tondo, de construir nueva iglesia en el citado pueblo*, Legajo No. 18, Manila. Sangay ng Sinupan, Kagawaran ng Pampublikong Aklatan. *TT:* Ang problema sa paghahanap ng dokumentong ito ay nakailang palit na ng numero ng mga legajo sa Pambansang Sinupan. Ang Legajo 18 noong dekada 50 ay naging Legajo 70 pagsapit ng dekada 90. Sa kasalukuyan ang sistemang legajo ay pinalitan na ng *SDS* (Spanish Document Section) *Number*. Kung tutuntunin ang isang legajo noong mga lumipas na dekada, ito ay nareorganisa na sa iba't ibang SDS number sa ngayon. Maaring umabot ng daan-daang SDS number ang bawat legajo na naitala noon. Sa panahong isinusulat ito ay nagsaliksik din ang tagasalin sa Pambansang Sinupan at hinanap ito, ngunit ilang SDS na ang kinalkal ng mananaliksik sa mga *bundles* ng Patronatos at Varias Provincias ngunit hindi pa rin ito matukoy.

© 2023 Wogie T. Pacala

Kaya't kinailangang ayusin ang lumang simbahan alinsunod sa mungkahi ng nasabing Gobernador-Heneral. May mga pagbabagong isinagawa rito sa paglipas ng panahon.[58] May balak na palakihin ito, na makikita sa mga pader na hindi pa natatapos sa gawing likuran nito.

Ang simbahan ay nasira nang binomba ng mga barkong pandigma ng mga Amerikano sa pagpasok ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Nang umabante sa Kalookan ang mga puwersang Amerikano sa ilalim ng pamumuno ni Heneral Arthur MacArthur ay lumaban ang mga sundalong Pilipino sa likurang bahagi at sa mga trenchera[59] sa paligid ng Simbahan.

Nang magtagumpay ang mga Amerikano sa pagsakop sa Kalookan noong ika-10 ng Pebrero 1899, ay humimpil sa simbahan ang ika-20 Rehimento ng Kansas sa ilalim ni Kolonel Frederick Funston. Ang tahanan ni G. Horacio Higgins, tagapamahala ng Daangbakal ng Manila-Dagupan[60] na pagmamay-ari ng mga Briton, ang naging himpilan naman ni Heneral Arthur MacArthur, ang pinuno ng mga puwersang Amerikanong humaharap sa hukbong hawak ni Heneral Luna sa hilaga ng Maynila.

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang simbahang ito ay hindi nasira, hindi tulad ng ibang mga simbahan sa Maynila. Hindi rin nadamay ang lumang kumbentong[61] Katoliko na malapit rito.

Noong 1914, ang bubong at kisame ng simbahan ay muling itinayo. Inayos ang mga bintana. Ang kumbento'y ibinalik sa maayos na kalagayan. Noong 1928, ang dating altar, na ngayo'y makikita sa kapilyang pabinyagan, ay binigay sa simbahan ng Cofradia ng Sagrada Corazon. Noong 1934, ang pasilyo ng simbahan ay nilagyan ng itim at puting mga baldosa. Matapos ang digmaan, ang bubong at kisame ay muling inayos at binago ang harapang bahagi ng simbahan. Ang *sanctuario* ay binigyan ng maayos na palitada at ang lumang baranda ng altar ay pinalitan ng marmol. Ang dalawang *glass windows* na may

[58] TT: Ang mga liham hinggil sa pagpapaayos ng iba't ibang bahagi ng Simbahan ay nakalagak sa Sinupan ng Arzobispado ng Maynila.

[59] *TT: trenches* sa wikang Ingles.

[60] *TT:* Ang orihinal na ginamit ni Serrano ay, "Manila-Dagupan Railway." Sa mga dokumentong Kastila ay opisyal na tinatawag na, "*Ferrocaril de Manila á Dagupan,"* o sa Ingles ay Manila Railway Company.

[61] *TT:* Ito na ang kasalukuyang sangay ng Kolehiyo ng La Consolacion sa Kalookan.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

larawan ng patron ng bayan na si San Roque ay nailagay. Ang huling pagsasaayos na ginawa ay ang bagong *baldachin* sa taas ng altar.[62]

Ang unang *casa tribunal* ay gawa sa kahoy. Nang lumaon ay pinalitan ito ng bato. Ang Kalookan ay may tibagan ng bato na sinasabing kasinghusay ng mga gawa mula sa Mandaluyong, Rizal. Ang Kalookan ay mayroong kulungan at paaralan. Ang lumang tribunal ay nakatayo sa harap ng kasalukuyang kongkretong munisipyo.[63] Ang kasalukuyang munisipyo ay ipinanukala noong ikalawang termino ni Pangulong[64] Dominador Aquino, na natapos noong 1931. Ngunit ipinagpatuloy ni Pangulong Pablo Pablo ang pagpapatayo at natapos noong 1936. Ang *annex* ay naitayo noong pamamahala ni Alkalde Jesus Basa, na natapos noong 1951.

## VII

Ang mga sumusunod na datos ay nagpapakita ng tuloy-tuloy na paglago ng populasyon ng Kalookan noong panahon ng mga Kastila:[65]

| **Taon** | **Bilang** |
|---|---|
| 1842 | 8,885 |
| 1857 | 9,417 |
| 1863 | 4,161 |
| 1874 | 8,070 |
| 1886 | 8,055 |
| 1890 | 8,175 |
| 1895 | 9,096 |

Ang pagbaba ng bilang ng mga naninirahan noong 1863 ay maaring dulot ng epidemya ng cholera sa buong bansa at naging sanhi ng pagbaba ng populasyon bago ang taong iyon.

[62] *TT:* Kalagitnaan ng dekada 60 nang isulat ang artikulo. Ang simbahan ay muli pang napaayos noong dekada 1970 at noong 2015, sa ika-200 anibersaryo ng ngayo'y Katedral ng San Roque.

[63] *TT:* Ang kinatatayuan ng tribunal ay naging Plaza sa pagitan ng katedral at ng kongkretong munisipyo, na kilala bilang lumang City Hall. Taong 2017 nang inilipat ang Tanggapang Lungsod sa kasalukuyang kinalalagyan nito sa 8th St., Grace Park.

[64] *TT: Municipal President o Presidente Municipal* ang ginagamit bago ang panahon ng Komonwelt.

[65] *TS:* Ang mga datos ay batay sa iba't ibang batis tulad ng *Guia de Forasteros, Guia Oficial de Filipinas,* atbp.

© 2023 Wogie T. Pacala

Noong ika-23 ng Pebrero 1892, ang bahagi ng Daangbakal ng linyang Maynila-Dagupan ng *Manila Railway Company, Ltd.*, mula Maynila hanggang Mabalacat, Tarlac ay pinasinayaan.[66] Ang tren na pinangalanang Hernando Cortes na may hilang dalawang *de luxe* na bagon, dalawang primera-klaseng bagon, anim na mga segunda-klaseng bagon at dalawang bagon na pang-kargamento sa dulo ay dumating sa himpilan ng Kalookan sa ika-7:17 ng umaga. Lulan ng tren ang Gobernador-Heneral, ang Arsobispo ng Maynila at mga gobernador sibil ng tatlong lalawigang makikinabang sa linya—ang Maynila, Pampanga at Tarlac. Ang mga dignitaryong ito ay sumaglit sa Kalookan at siniyasat ang mga bodega at pagawaan ng *Manila Railroad Company*.

Noong ika-23 ng Nobyembre, 1892, ang linya patungo sa Dagupan, Pangasinan ay pinasinayaan.[67] Ang Kalookan, tulad ng ibang bayan na daraanan ng linya ay nagdiwang. Sa Kalookan, ang tren na nagpasinaya ng linya ay sinalubong nang may hiyawan, mga banda at paputok.

Ang pagkakabuo ng linyang Maynila-Dagupan ay nagdala ng matinding pag-unlad sa mga mamamayan ng Kalookan. Pinalapit nito ang bayan sa Maynila at sa ibang lugar sa Gitnang Luzon, naging daluyan ng paglilipat ng mga produkto sa mga kabayanan patungo sa mga himpilan, at nagbigay ng trabaho sa mga mamamayan ng Kalookan. Maganda ang idinulot ng pagdating ng mga Kastila at Briton na mga empleyado ng Daangbakal.

## VIII

Naitampok sa Kasaysayan ang Kalookan nang magsimula ang Himagsikang Pilipino na pinangunahan ng mga Katipunero sa ilalim ng pamamahala ng Supremo nitong si Andres Bonifacio. Ang Himagsikan ay nagsimula sa isa sa mga barrio ng Kalookan. Sa Kalookan nagsipunta ang mga pinuno ng Katipunan nang ito'y madiskubre ni Padre Mariano Gil, ang Agustinong kura ng Tondo noong ika-19 ng Agosto, 1896. Sina Bonifacio, Jacinto, Valenzuela, at iba pang mga pinuno ng Katipunan ay nagkita sa tahanan ni Apolonio Samson sa Kangkong. Mula roon ay tumungo sila sa Pugadlawin noong ika-22 ng Agosto at naglagi sa tahanan ni Juan Ramos. Sa parehong araw ay nanawagan si Emilio

[66] *TS: La Ilustración Filipina,* Pebrero 12, 1892.
[67] *TS: La Ilustración Filipina,* Nobyembre 28, 1892.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Jacinto sa mga Katipunero at kinabukasan, ika-23 ng Agosto, ay sinamahan sila ng marami pang mga Katipunero na tumugon sa kanyang panawagan.[68]

Sa kabila ng pagtutol ni Teodoro Plata at sa mahaba nitong talakayan kasama si Bonifacio, nagpasya ang mga kasapi ng Katipunan na ilunsad ang Himagsikan laban sa Espanya. Ito ay makikita sa kanilang dramatikong pagpunit ng kanilang mga *cedulas personales* upang ipakita ang kanilang pagkalas sa Espanya. Noong gabi ng ika-23 ng Agosto ay pumunta sila sa Pasong Tamo at nanatili sa tahanan ni Melchora Aquino, ina ni Juan Ramos na mas kilala bilang si Tandang Sora. Libu-libong[69] tao ang pumunta sa sumunod na dalawang araw.[70] Silang lahat ay malugod na tinanggap ni Tandang Sora, at kanya ring ipinagkatiwala kay Bonifacio ang kanyang mga ari-arian.

Upang makapaghanda sa paparating na laban sa mga Kastila ay may nabuong sampung pulutong. Ang karamihan ay inabisuhang magsiuwi at maghintay sa mga kautusan.

Ayon kay Dr. Valenzuela, naganap noong ika-25 ng Agosto ang unang sagupaan sa mga kalaban, o sa hukbo ng mga guwardiya sibil mula sa Malabon na pinamamahalaan ni Tenyente Ros. Nang makita ang dami ng mga Katipunero ay umatras patungo sa Kalookan ang mga guwardiya sibil. Ang mga Katipunero nama'y umatras patungong Balara at doon nagkampo. Sa pagsisimula ng Himagsikan ay mayroong dalawang libo na armadong Katipunero sa Kalookan, ayon kay Manuel Sastrón sa kanyang akdang *La Insurreción en Filipinas*.

Sunod-sunod ang mga kaganapan. Ang mga taga-Kalookan ay tumindig at naghimagsik matapos ang isang malaking labanan sa San Juan del Monte noong ika-30 ng Agosto, 1896. Nang mapansin ng mga Kastilang opisyal ang sitwasyon sa Kalookan ay pinalakas nila ang hanay ng mga guwardiya sibil sa

[68] *TT:* Ang petsa na nabanggit ni Serrano ay alinsunod sa pinagtibay na petsa ng Pambansang Suriang Pangkasaysayan (National Historical Institute). Ang petsa hinggil sa Unang Sigaw ay isa sa mga sentro ng usaping pang-historiograpiya sa Kasaysayan ng Himagsikan, kasama na rito ang Kalookan. Dahil sa mahabang taon at kakulangan ng mananaliksik sa Kasaysayang Pampook ng Kalookan, ay walang gaanong datos mula sa mga taga-Kalookan ang lumalabas. Gayundin, pinagtatalunan ng mga mananaliksik at propesor ng Kasaysayan ang eksaktong petsa, ngunit ang ika-23 ng Agosto ang pinagtibay ng Surian noong 1963.

[69] *TT:* Ang pagtataya mula sa iba't ibang pagsasaliksik at tala ng mga saksi ay mula 500 hanggang 1000 katao.

[70] *TT:* Bukod sa eksaktong petsa ay pinagtatalunan din ang eksaktong lugar sa loob ng Balintawak. Maari aniyang ito ay nasa Kangkong, Pasongtamo, Bahaytoro. Malaki ang sakop ng Balintawak lalo't kabilang ito sa Hacienda de Piedad na dating pagmamay-ari ng mga Heswita, at lumaon ay napunta sa *mayorazgo* ng pamilyang Tuason.

© 2023 Wogie T. Pacala

bayan sa pamamagitan ng pagdadala ng hanay na pinamumunuan ni Tinyente Arroyo.[71] Dalawang pulutong pa sa ilalim ni *Major* Aguirre at Koronel Pintos at mga kawal kabalyero sa ilalim ni Koronel Torres ang mga ipinadala pa sa Kalookan.

Lumaganap ang takot sa Kalookan matapos ang unang sagupaan ng mga rebelde at mga guwardiya sibil. Ang capitán municipal na si Silverio B. Baltazar ay hinuli at pinahirapan, dahil napagsuspetsahan siyang kasundo ng mga lider ng Katipunan. Katunayan, siya ay dumalo sa pulong ng Katipunan sa tahanan ni Vidal Akab noong ika-21 ng Agosto, o limang araw bago ang pagsiklab ng Himagsikan. Ginalugad ng mga Kastila ang mga kabahayan dahil sa hinalang marami ang mga Katipunero ang nagtatago sa Kalookan. Si Florentino Sánchez na dating gobernadorcillo ay hinuli at ipinatapon sa piitan ng Fernando Po sa Timog Africa. Hindi na siya nakabalik. Sila Bonifacio at Jacinto ay nakatakas naman mula sa mga kalaban. Gayundin si Nicolas de Jesús na dating gobernadorcillo ng Kalookan isang dekada na ang lumipas at ang ama ng maybahay ng Supremo na si Gregoria de Jesús.

Sa paglaban sa mga Kastila ay nagpakita ng tapang at dahas ang mga anak ng Kalookan na sina Lorenzo Lupa at Andrés Bato. Lumaon ay napatay sila sa pakikipaglaban. Bilang pagkilala sa kanilang paglilingkod at pag-aalay sa ngalan ng Inang Bayan ay may mga ipinangalang kalye sa kanila.[72]

Bagamat pansamantalang nakubkob ng mga rebelde ang ilang mga kabayanan sa Timog at Gitnang Luzon noong unang yugto ng Himagsikan, nanatili ang Kalookan na hawak ng mga Kastila. Mayroong matibay na kuta ang mga kawal na Kastila na madali lamang nilang mapuntahan sakali mang magtangka ang mga Katipunero na sakupin ang bayan.

Nang magwakas ang unang kabanata ng Himagsikan sa Kasunduan ng Biak-na-Bato at marami sa namumuno nito ay nagpasya na mamuhay sa Hongkong ay hindi pa rin natapos ang Himagsikan sa Kalookan. Isa sa mga pinuno nitong si Feliciano Jocson ay tumutol sa pagtigil ng pag-aaklas. Siya ay isang parmasyutiko at Kalihim Panloob ng Gobierno Departamental na nagpapatakbo ng Himagsikan sa Morong, Maynila, Bulacan, Tarlac, Bataan, Pampanga, Laguna at Tayabas (ngayo'y Lalawigan ng Quezon). Sa halip na sumuko sa

[71] *TS:* Manuel Sastrón. *La Insurrección en Filipinas* (Madrid, 1901): 53.
[72] TT: Mababanggit sa huling bahagi ng sanaysay na ito.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Pamahalaang Kastila ay tumungo siya sa Pugad Baboy, Kalookan, [73] "kung saan siya ay walang pagod na nagpalaganap ng mga aral ng Himagsikan sa mga mamamayan, at sa pamamagitan ng mga liham at kautusan ay nakumbinsi niya ang iba pang mga pinuno na huwag sumuko."[74] Sa kanyang deklarasyon na ipinagpapatuloy niya ang gawa ng dakilang Ama ng Katipunan ay "nagawa niyang makapagbuo ng mga konseho sa mga bayan ng Malabon, Kalookan, Tondo, Binondo, Sampaloc at iba pa."[75] Kasama rin dito ang Polo, San Juan del Monte, Santa Mesa at Pandakan.

Nagplano rin siya na atakihin ang Maynila noong Marso 1897 ngunit ginulat ng mga Kastila ang mga kawal na kanyang natipon sa Kalye Camba sa Binondo. Inaresto rin siya kalaunan ng mga kawal Pilipino sa Bay, Laguna. Wala na ring naging balita sa kanya mula noon.

Nang magsimula ang ikalawang yugto ng Himagsikan sa pagbabalik ni Heneral Aguinaldo mula Hongkong ay pinangunahan ni Koronel Pacheco ang pagpapaalis sa mga Kastila sa Kalookan at pumunta sa bayan noong ika-12 ng Hunyo, 1898. Ang mga kawal Pilipino sa Kalookan ay aktibong sumali sa labanan kontra sa mga Kastila sa Maynila hanggang sa mga sumuko ito sa mga Amerikano noong ika-13 ng Agosto, 1898.

Nang ang Pamahalaang Rebolusyonaryo ay nagtakda ng apat na sona sa hanay ng mga pwersang Pilipino sa Maynila na pumapaligid sa mga pwersang Amerikano, ay nabilang ang Kalookan sa ikaapat na sona, kasama ang Navotas, Malabon at Novaliches. Ang namamahala rito ay si Heneral Pantaleon Garcia, na humimpil sa Kalookan.[76]

Nang ang pamahalaang lokal ng Kalookan ay itinatag ng Pamahalaang Rebolusyonaryo alinsunod sa atas pampangulo na inilabas sa Bacoor noong ika-18 ng Hulyo, 1898, ay nahirang si Joaquin Rodriguez[77] bilang *presidente local*.

Habang nakawagayway ang bandilang Pilipino sa Kalookan, ay nasaksihan ng mga mamamayan nito ang ilang malalaking pampublikong pagdiriwang at

[73] *TS:* Ang Pugad Baboy ay tinatayang nasa hangganan ng Polo (ngayo'y Valenzuela) at ng Kalookan. Ang bahagi ng nasabing sitio na nasa bahagi ng Kalookan ay ang Bagong Barrio.

[74] *TS:* Teodoro M. Kalaw. *The Philippine Revolution* (Manila: Manila Book Company, 1925): 30.

[75] *TS:* Santiago V. Alvarez, "Ang Katipunan at ang Panghihimagsik." *Sampaguita,* Marso 4, 1928.

[76] *TS: La República Filipina,* Nobyembre 23, 1898.

[77] *TS:* Si Joaquin Rodriguez ay isa rin sa mga principalia ng Kalookan. Nang si Baltazar ay ailisin sa pagiging capitan municipal ay kasabay rin siyang pinaalis sa kaniyang puwesto sa Tribunal Municipal ng Kalookan. Siya ang pumapangalawa kay Baltazar bilang *teniente mayor.*

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

makulay na mga paradang militar, lalo na nang bumisita sa bayan si Heneral Emilio Aguinaldo. Isang pampublikong pagdiriwang ang idinaos noong ika-11 ng Enero 1899 upang ipakita ang pagtutol sa mga Amerikano, na noo'y hayag na ang nais nitong sakupin ang bansa. Noong ika-3 ng Pebrero ng parehong taon, ay nanumpa ng katapatan sa bandilang Pilipino ang mga sandatahanes.[78] Sa parehong okasyon ay nagbigay ng isang makaantig na talumpati si Heneral Garcia. Bago matapos ang Enero 1899 ay isinara ang Kalookan sa mga Amerikano. Sa pagpasok ng Pebrero 1899 ay nakahanda na sa laban ang mga kawal, at pati na rin ang Kalookan. Anumang pagtatangka ng mga Amerikano na sumugod sa bakurang ito ng Malolos, ang puso ng Unang Republikang Pilipino, ay tunay ngang nilabanan ng mga Pilipino.

Nang magsimula ang Digmaang Pilipino-Amerikano noong ika-4 ng Pebrero, 1899 ay nakahanda ang Kalookan. Nakita nila Heneral Luna at ang inhinyerong si Jose Alejandrino, na nakapag-aral sa Belgium, ang pangangailangan ng paghuhukay ng mga trincheras upang maipagtanggol ang Kalookan. Ang paghahanda ng mga Pilipino sa pagtatanggol sa Kalookan ay ganitong inilarawan ng isang Amerikano: [79]

> Sakali mang magapi ang atake sa lungsod, ang mga Amerikano ay agad na susugod sa kapitolyo ng mga Pilipino. Pinagtibay ni Aguinaldo ang tanggulan sa Kalookan at sa kaniyang katabing lungsod [*sic*], Malabon, na nasa Kanlurang bahagi lamang ang Look ng Maynila. Lubos na hinukayan ang lugar at sa riles naman ay mayroong nakalagay na isang nakakubling kanyon upang masira hindi lamang ang mga riles kundi ang mga dinaraanan nito. At habang ito ay nangyayari ay naghahanay ang mga pulutong at ipinadadala sa lugar, at noong Biyernes, ika-10 ng Pebrero (ang araw na sumugod ang mga pwersa sa Kalookan – Serrano), ay napapaligiran ng labinlimang libong kawal ang Kalookan.

Nang magsimula ang digmaan, ang mga pwersang Pilipino na lumalaban sa ikaapat na sona ay sumailalim na kay Heneral Antonio Luna, na itinalaga bilang Puno ng Operasyon sa hilaga ng Maynila. Sa kaniyang pamamahala ay magiting na lumaban ang mga kawal sa Kalookan sa kabila ng matinding pagkatalo, lalo na sa La Loma at Maypajo. Sa Kalookan din nag-alay ng kanilang buhay sina

---

[78] *TT:* Ang *sandatahanes* ay isinalin sa Ingles ni Serrano bilang "Territorial Militia."
[79] *TS:* "Chapter XXV" sa Edward Stratemayer. *Under Otis in the Philippines* (Boston, 1899)

© 2023 Wogie T. Pacala

Koronel Torres Bugallon, ang punong tauhan (*chief of staff*) ni Luna, si *Major* Bautista ng mga Sandatahanes ng Maynila at si Kapitan Licero ng Batalyong Malolos.

Upang matugunan ang pangangailangan ng mga sugatan ay nadestino ang mga doktor na sina Jose Luna, David at Guevara sa Kalookan. Ang bodega ng estasyon ng tren sa Kalookan ay ginawang isang ospital pang-militar. Ilang araw matapos atakihin ng mga Amerikano ang Kalookan ay ipinag-utos ni Heneral Luna ang pagpapalikas sa mga sibilyan.

Ang pagkubkob sa Kalookan ng mga Amerikano ay iniliarawan ni Edward Stratemeyer sa kanyang akda na *Under Otis in the Philippines.* Aniya:[80]

> "Tungo sa bayan!" ang naging sumunod na sigaw at sa kanilang pagsulong sa lungsod [*sic*], ay mariing ipinaglaban ng mga Pilipino ang bawat hakbang bagamat hindi matagumpay. Ang laban ay ginanap sa simbahan at sa iba't ibang mga pribado at pampublikong mga gusali; ngunit ang mga Amerikano ay hindi pa nagngangalit at sapilitang pinaalis ang mga rebelde, na madalas sa pamamagitan ng bayoneta.
>
> Napilitan ang mga Pilipino na isuko ang lungsod[81] [*sic*] at tinangkang sunugin ang malaking bahagi nito, at lumaon ay kumalat ang apoy hanggang sa mga maliliit na kabahayan. Tinangka ring sunugin ang simbahan at ang tanggapang lungsod [*sic*], ngunit ito'y napigil ng mga Amerikano at marami sa mga rebelde ay nahuli at ibinilanggo. Ang paglusob ay nagsimula sa pagsapit ng ala-una ng hapon. At pagsapit naman ng alas-singko y media ay nakawagayway na ang *Old Glory*[82] sa poste ng tanggapang lungsod [*sic*] at ang pamamahala ng mga rebelde sa Kalookan ay naging bahagi na lamang ng nakaraan."

---

[80] *TS:* "Chapter XXV" sa Edward Stratemayer. *Under Otis in the Philippines*

[81] TT: Ang pagkakagamit ng terminolohiyang "lungsod" o "*city*" ay marahil dahil hindi pa pamilyar ang mga Amerikano sa sosyo-pulitkal na pagkakaayos ng mga teritoryo sa ilalim ng Patronato Real ng España. Mababanaag na kahit wala nang Patronato Real sa España nang mga panahong ito, ay makikita ito sa kaayusan ng pangkalahatang kolonyal na pamamahala, maging sa mga lokalidad sa Pilipinas. Ito ay dahil nasasailalim sa "espesyal" na batas ang Pilipinas at hindi saklaw ng Saligang Batas ng España.

[82] *TT:* Ang bansag ng mga Amerikano sa kanilang bandila.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Ang magiting na pagtatanggol sa Kalookan ni Heneral Luna ang naging dahilan para kay Heneral MacArthur na itigil ang pag-atake sa mga Pilipino. Kinailangan niyang pagpahingahin ang kanyang mga kawal at mag-antay ng karagdagang puwersa mula sa Estados Unidos. Ang pahingang ito ang nagbigay kay Luna ng kinakailangang oras upang isaayos ang kanyang hanay at maglagay ng mga kawal na may higit na kasanayan dito at ihanda ang mga lugar-tanggulan (*defense positions*) sa hilaga ng Maynila. Ngunit matindi ang sinapit ng Kalookan sa pagtatanggol na ginawa nito. Nang bumalik ang mga inilikas na mga naninirahan dito ay abo na lamang ang nakita sa malaking bahagi ng bayan. Tanging ang simbahan, kumbento at ang *casa tribunal* ang nananatiling nakatayo, na para bang nagpapakita pa rin ng pagpalag sa mga bagong mananakop.

Naging munisipalidad ang bayan noong pamamahalang Amerikano at naging unang Pangulo nito si Pedro Sevilla.[83] Naging bahagi ang Kalookan ng bagong Lalawigan ng Rizal na itinatag noong 1901.

## IX

Ilang taon pagkatapos ng digmaan ay naging sentro ng bisyo at krimen ang Kalookan.[84] Dahil na rin sa pagpapatuloy ng pagpalag sa rehimeng Amerikano ng mga pwersa ni Heneral Luciano San Miguel,[85] nadestino sa Kalookan ang mga *Filipino Scouts* upang umagapay sa mga Konstabularyo upang sugpuin ang bisyo at krimen sa lugar.[86]

Hindi nadamay ang Kalookan sa epidemyang dala ng kolera sa mga taong 1902-1903. Ang nasabing epidemya ay kumalat sa Navotas, Malabon, Pasig, Binangonan, Angono at Pateros at kumitil ng 1,941 na buhay sa buong lalawigan ng Rizal. Iilan lamang ang naitalang mga kaso nito sa bayan.[87]

[83] *TT:* Si Pedro Sevilla, ang huling capitan municipal ng Kalookan at bahagi ng lokal na Principalia noong panahon ng mga Kastila ay muling iniluklok sa pamunuan ng bayan. Ang kaniyang pagkakaluklok ay kasabay din ng magulong transisyon ng pamamahala sa bansa sa pagitan ng dalawang kolonya.

[84] *TS: Report of the Philippine Commission*, 1903, p. 903

[85] *TT:* Ang Bagong Katipunan na itinatag ni Heneral Luciano San Miguel ay aktibo sa mga lalawigan ng Bulacan at Rizal.

[86] *TS: Report of the Philippine Commission,* Part 3, 73.

[87] *TT:* Ang ilan sa mga dahilan nito ay ang pagkabawas ng mga nananahan sa Kalookan bunsod ng epekto ng Digmaang Pilipino-Amerikano, o paglaki ng teritoryo nito dahil sa pagkakasama ng dating *pueblo de* Novaliches sa nasasakupan nito.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Dahil sa pagsasama-sama ng iba't ibang mga bayan sa Pilipinas upang "maitakda ang ekonomiya at sentralisasyon," ay naging bahagi ang Novaliches ng munisipalidad ng Kalookan. Alinsunod ito sa Akta 942, na sinusugan pa ng mga Akta Bilang 984 at 1008 na ipinasa ng Komisyong Pilipino.[88]

Ang populasyon sa Kalookan noong 1903 ay aabot sa 6,291. Sa taong 1918 ay umabot ito sa 19,551. Noong 1939 ay may populasyon ang Kalookan na 39,850. Sa parehong taon, alinsunod sa Batas Komonwelt 502,[89] na nagtatakda ng pagtatatag ng Lugsod Quezon, nawala sa Kalookan ang mga sumusunod na barrio o sitio: Balingasa, Kaingin, Kangkong, La Loma, Malamig, Matalahib, Masambong, San Isidro, San Jose, Santol at Tatalon. Ito ang unang malaking tipak ng teritoryo ng Kalookan na nawala alinsunod sa nasabing kautusan. Noong 1948,[90] sa kabila ng pagkawala ng maraming mga barrio at sitio, ay higit sa 50,000 ang nananahan sa Kalookan.[91]

Ang pagkakatatag ng mga unang pampublikong paaralan sa Kalookan ay dahil sa pagpupunyagi ni G. Roy Rigger, ang unang Amerikanong guro sa lugar. Dalawang mga paaralan na gawa sa mga nipa at pawid ang naitayo sa harap ng kasalukuyang munisipyo.[92] Ang isang paaralang sentral ay naitayo noong 1906. Ang pag-angat ng edukasyong pampubliko ay umabot sa mga barrio ng Talipapa, Novaliches, Baesa at Balintawak sa nasabi ring taon. Ang

[88] *TT:* Ang mga batas na nabanggit ni Serrano ay humulma sa kabuuang teritoryo ng lalawigan ng Rizal. Tanging ang Akta 942 lamang ang nakaapekto sa Kalookan dahil dito sinasaad ang pagsasanib ng dating pueblo de Novaliches sa Kalookan. Ang mga aktang nabanggit ay mayroong mga sumusunod na pamagat sa Ingles: Akta 942 (AN ACT REDUCING THE THIRTY-TWO MUNICIPALITIES OF THE PROVINCE OF RIZAL TO FIFTEEN), Akta 984 (AN ACT AMENDING ACT NUMBERED NINE HUNDRED AND FORTY-TWO, ENTITLED "AN ACT REDUCING THE THIRTY-TWO MUNICIPALITIES OF THE PROVINCE OF RIZAL TO FIFTEEN," BY REDUCING THE THIRTY-TWO MUNICIPALITIES OF SAID PROVINCE TO SIXTEEN) at Akta 1008 (AN ACT AMENDING ACT NUMBERED NINE HUNDRED AND THIRTY-NINE, ENTITLED "AN ACT REDUCING THE THIRTY MUNICIPALITIES OF THE PROVINCE OF LA LAGUNA TO NINETEEN," AND ACT NUMBERED NINE HUNDRED AND FORTY-TWO, ENTITLED "AN ACT REDUCING THE THIRTY-TWO MUNICIPALITIES OF THE PROVINCE OF RIZAL TO FIFTEEN," AND PROVIDING THAT THE BOUNDARY LINE BETWEEN THE PROVINCES OF LA LAGUNA AND RIZAL BE CHANGED SO AS TO INCLUDE IN LA LAGUNA THE MUNICIPALITY OF MUNTINLUPA NOW A PART OF RIZAL).

[89] *TT*: Na may pamagat na, "AN ACT TO CREATE QUEZON CITY."

[90] *TT:* Ito ay sa bisa ng Batas Republika o *Republic Act* 333.

[91] *TT:* Ang batayan ni Serrano sa mga datos na ito ay ang mga census na inilimbag sa parehong taon.

[92] *TT:* Ang munisipyo ng Kalookan, mula pa noong panahon ng mga Kastila ay nanatili sa tapat ng ngayo'y Katedral ng San Roque sa kahabaan ng Abenida A. Mabini. Sa kasalukuyan ay giba na ito at may bagong istrukturang itinatayo.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

mga klase ay idinaos sa mga inupahang mga bahay. Ang mga sumusunod ay ang mga unang guro ng pampublikong paaralan sa Kalookan sa ilalim ng mga Amerikano: Romana Apostol de Flores, Emiliana Aquino de Dionisio, Belen de San Jose at Eleuterio Velarde.[93]

Noong 1903, ang antas ng mga marurunong magbasa't magsulat sa Kalookan ay umabot sa 33%. Ngunit noong 1918 ay umabot ito sa 79%,[94] na nagpapakita ng magandang epekto ng mga pampublikong paaralan sa mga mamamayan.

Sa panahon ng okupasyong Amerikano, ay naging importanteng industriya ang paghahabi sa Kalookan. Ang paghahabi ng mga jusi ay itinuturo bilang trabahong industriyal sa mga paaralan ng Kalookan. Ngunit humina ito dahil sa pagpasok ng mga jusi at sinamay na hinabi pa mula sa Iloilo. Ang Ilang-ilang (*Cananga odorata*) ay isa rin sa mga mahahalagang pinagkakakitaan ng mga mamamayan nito. Ang mga nasa agrikultura nama'y nagtatanim ng bigas, mais, kamote, cacao, ube, gabi, saging at mga gulay. Noong 1903, ang trabaho ng halos tatlong libong katao sa Kalookan ay namamasukan bilang kasambahay at sa mga may kinalaman sa serbisyong pampersonal, sa mga pagawaan at may mga kinalaman sa trabahong pang-makina at sa kalakalan at transportasyon.

Sa kabila ng pagiging munisipalidad na may ikaapat na antas (*fourth-class*),[95] maipagmamalaki ng Kalookan ang iba't ibang mga pagbabago tulad ng de-kuryenteng pailaw noong 1907, isang balong artesano noong 1908, isang paaralang elementarya na gawa sa bato na malapit sa pampublikong pamilihan, isang sementeryong pambayan at ang kasalukuyang kongkretong palengke sa población.

Noong 1910, halos 1,000 ektarya ng kalupaan sa población at sa mga barrio ng Sangandaan, Sampalukan at Maypajo ang binili ng pamahalaan sa pangunguna ng Pangulong Munisipal na si Emilio Sanchez. Ipinagbili naman ito sa mga mamamayan sa halagang sampung sentimo sa bawat metro kwadrado (*square meter*).

---

[93] *TS:* Ang mga pangalan ay binanggit sa may-akda ni Gng. Emiliana Aquino de Dionisio, noo'y isa sa mga buhay pang matatandang guro sa Kalookan.

[94] *TT:* Ang batayan ni Serrano sa mga datos na ito ay ang mga census na inilimbag sa parehong taon.

[95] *TT:* Ang batayan ng antas ng isang munisipalidad ay napagtibay na sa Administrative Code of 1917. Ngunit ang batayan nito ay ang lokal na ekonomiya dahil nakasaad sa nasabing batas na may karapatang gumastos nang malaki ang mga munisipalidad na may matataas na antas.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Ayon sa Census ng taong 1939, ang Kalookan ay makukunsidera bilang tagpuan ng mga mamamayan sa mga lalawigang Tagalog. Mayroong 13,763 na katao ang nakapagsasalita ng Ingles at 2,455 naman ang nakapagsasalita ng Kastila. 38,075 ang nakapagsasalita ng Tagalog. Ang mga sumusunod na datos ay nagpapakita ng bilang ng mga taga-Kalookan na nakapagsasalita sa iba't ibang wika sa Pilipinas:

| **Wika** | **Bilang** |
|---|---|
| Bikol | 728 |
| Bisaya-Cebuano | 633 |
| Bisaya-Panay | 373 |
| Bisaya-Samar-Leyte | 323 |
| Bisaya | 137 |
| Iloko | 1,676 |
| Kapampangan | 3,115 |
| Pangasinan | 963 |

Gayundin, naging tahanan ang Kalookan ng ilan sa mga dakilang manunulat na nakilala sa buong bansa. Ilan sa mga ito ay tulad nina Cecilio Apostol at Fausto J. Galauran. Nagkamit si Apostol ng pagkilala sa loob at labas ng bansa. Ilan sa mga kilalang tula niya sa Kastila ay: *A Emilio Jacinto, A Mi Raza, La Sierra de Cotabato, A Rizal,* at *A Los Martires de la Patria.*[96] Si Dr. Galauran naman ang isa sa mga nagungunang nobelista sa Tagalog. Ang kanyang akda na Lihim na Kumpisalan ay kinunan sa wikang Kastila at ipinalabas sa mga bansa sa Timog Amerika. Ang kanyang Madam X ay nagkamit ng Philippine Achievement Week prize. Ang iba pang mga manunulat ng Kalookan[97] ay sina: Sotero Sánchez, ang kauna-unahang manunulat sa taal na wika, Godofredo B. Herrera, manunulat sa Tagalog at mamamahayag, Marciano Almario, manunulat ng prosa sa Tagalog at Ingles, Delfin S. Rodríguez at Carmen S. Herrera.[98]

**X**

[96] *TT:* Kung isasalin ang mga pamagat ay: Kay Emilio Jacinto, Sa Aking Lahi, Ang Bundok ng Cotabato, Kay Rizal at S mga Martir ng Inang Bayan.

[97] *TT*: Ang tagasalin ay naghanda ng papel at ibinahagi sa isang lektura tungkol rito. Wogie T. Pacala. "Ang Pamanang Pampanitikan ng Kalookan," Lekturang ibinahagi sa 2022 Caloocan Writers Workshop, Abril 24, 2022.

[98] *TS:* Ang mga pangalang ito ay binanggit sa may-akda ni Dr. Fausto J. Galauran habang kinakapanayam ito sa kaniyang klinika.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Sa loob ng maraming taon, ang Kalookan ang naging balwarte ng dating Partido Demokrata.[99] Mas matagal na naging hawak ng Partido ang pamahalaang bayan ng Kalookan kaysa sa pamahalaang lungsod ng Maynila, na hawak din ng oposisyon, kahit ito'y sa gitna ng pamamayagpag ng isang dakilang henyo sa pulitika na si Manuel L. Quezon, pinuno ng nangungunang partido.[100] Liban sa pamumuno ni Pangulong Munisipal Dominador Aquino (1922-1925 at 1928-1931), ang Kalookan mula sa pamumuno ni Pangulong Emilio Sanchez noong 1910 hanggang sa pagkakatatag ng Pamahalaang Komonwelt noong 1935, ay hawak ng Partido Demokrata.

Nang mawala ang Partido Demokrata at nanaig ang pagkakahati ng mga pulitiko sa dalawang kampo ang mga Pro at Anti, mayroon ding dalawang grupo sa Kalookan. Ang mga ito ay kilala bilang Bloke Aquino at Bloke Pablo.[101] Ilang taon bago ang lumipas na digmaang pandaigdig, ang mga mamamayan ng Kalookan ay nananabik at sumali rin sa tunggalian ng dalawang bloke na ito sa kapangyarihan at pamamayagpag sa lokal na politika.

Nang sakupin ng mga Hapon ang Luzon, isang yunit ng Sandatahang Hapones (*Japanese Imperial Army*) ang kumubkob sa Kalookan, halos kasabay lang din ng pagkakasakop sa Maynila. Si Alkalde Cordero ay pinayagan ng *Japanese Military Administration* na manatili sa kanyang posisyon.[102] Nang siya'y pinaslang noong 1942,[103] ay humalili sa kanya ang kanyang pangalawang

[99] *TT:* Makikitang mas malapit ang mga lokal na namumuno sa Kalookan sa Demokrata dahil sa lapit nito sa Maynila, na kilalang pinananahanan ng mga nasa oposisyon sa Nasyonalista. Ang pag-aaral sa lokal na pulitika ng Kalookan sa mga panahong ito ay nararapat pang lapatan ng hiwalay na pag-aaral, dahil malaki ang pinag-iba ng lokal na pulitika ng Kalookan bago at matapos ang panahon ng Komonwelt at gayundin ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig hanggang sa panahon ng Ikatlo at Ikaapat na Republika.

[100] *TT:* Ang Partido Nacionalista.

[101] *TT:* Sina Dominador Aquino at Pablo Pablo ay magkatunggali para sa pagiging Punongbayan ng Kalookan.

[102] *TT:* Si Cornelio Cordero ay Alkalde ng Kalookan bago ang pagpasok ng mga Hapon. Sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap o *Executive Order* 400, ay naging Katuwang na Alkalde sa Kalookan o *Assistant Mayor for Caloocan* si Cordero. Noong Setyembre 1942, sa bisa ng Kautusang Administratibo 30, ay nagkaroon lamang ng isang *Assistant Mayor* na katumbas ng Bise-Alkalde at ang mga dating Katuwang na Alkalde ay naging *District Chief.* Sa mga panahong ito ay naging *District Chief of Caloocan* na lamang si Cordero.

[103] *TT:* Si Cordero ay pinaslang noong 1944. Makikita pa sa 1943 na isyu ng *Manila City Gazette* na si Cordero pa rin ang Hepe ng Kalookan sa ilalim ng Lungsod ng Kalakhang Maynila. Itinala rin ito sa *Kalookan: Tungo sa Lungsod ng Tao,* 1979.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

alkalde na si Oscar Baello. Ang Kalookan nang lumaon ay naging distrito ng Kalakhang Maynila.[104]

Habang hawak ng mga Hapon ang bayan ay kanilang inokupahan ang iba't ibang mga gusaling pampubliko at pribado at ginawang paliparan (*airfield*) ang malaking bahagi ng munisipalidad.[105]

Tulad ng ibang mga bayan sa Pilipinas, nagkaroon din ng kilusang gerilya sa Kalookan. Ang mga gerilyero sa bayan ay pinamumunuan nina Koronel Jorge Sanchez at *Major* Alfredo Moreno. Hindi sinapit ng Kalookan ang masamang kinahinatnan ng iba pang mga bayan at lungsod. Ngunit may mga nangyari rin tulad ng pagsona (*zonification*) ng Balintawak at ang pagtitipon ng mga mamamayan malapit sa simbahan at palengke sa *población.* Isang bomba ang inihulog ng isang eroplano at kumitil ng ilang buhay sa Kalye A. Mabini.[106]

Nang lumaya ang bayan mula sa mga Hapon ay muli na namang naranasan ng Kalookan ang kalayaan. Hinirang ng Pangulong Sergio Osmeña si Oscar Baello bilang Alkalde. Ngunit nang magwagi ang Partido Liberal sa unang halalan pagkatapos ng *liberation,* ay inilagay ng pinuno nitong si Pangulong Manuel Roxas si Jesus Basa bilang kahalili ni Baello. Kay Alkalde Basa nakaatang ang mabigat na tungkulin ng pagsasaayos ng bayan mula sa pagkawasak na dulot ng digmaan at ang paghihirap ng mga mamamayan mula

[104] *TT:* Sa Bisa ng Kautusang Tagapagpaganap 400 na inisyu noong Enero 1, 1942, ay itinayo ang Lungsod ng Kalakhang Maynila (*City of Greater Manila*) na kung saan isinama ang Kalookan at Lungsod Quezon, at iba pang munisipalidad sa Lungsod Maynila. Ang Alkalde ng Maynila ang tatayong pinuno ng Lungsod habang ang mga Alkalde ng mga nasaklaw na lungsod at munisipalidad, kasama ang Kalookan, ay magiging mga Katuwang na Alkalde.

[105] *TT:* Mayroong naging dalawang paliparan ang Kalookan, ang Old Wack-wack na nasa labas lamang ng Libingan ng La Loma, at ang nasa tapat ng kasalukuyang Manila Central University na dating Seminaryo ng San Jose. Ang huli ang naging himpilan ng mga eroplanong kamikaze ng mga hapon.

[106] *TT:* Ayon sa *Historical Data Papers* ay sa Sangandaan, na halos katabi lamang ng población, naganap ang pambobomba nito, dahil istratehiko ang nasabing lugar, kaya matindi ang pagbabantay ng mga puwersang Hapon rito. Ang batayan ng pagbabantay ay heograpikal, sapagkat ang lugar, ay sanga-sanga ang daan. Kung manggagaling sa población didiretso patungong hilaga ay pupunta ito ng Malabon at Polo, Bulacan (ngayo'y Valenzuela), kung patungong kanluran ay pupunta naman ito ng Malabon at Navotas (na noo'y liblib pa dahil sa Dagat-dagatan) at kung patungo naman sa silangan ay patungo naman ito sa mas liblib na mga lugar ng Kalookan at Novaliches, gayundin sa Grace Park, na noo'y hinihimpilan ng mga eroplanong kamikaze dahil ito ay isang malaking *airfield* noon. Ang timog-kanluran naman ng Sangandaan ay ang malawak na palaisdaan ng Dagat-dagatan na halos karugtong na ng Look ng Maynila. Sa madaling sabi, lantad ang posisyon ng mga Hapon sa Sangandaan at kung pababayaan ang posisyon ay madaling makasira kanilang mga depensa. Bukod pa rito ay ang Sangandaan na rin ang kinokonsidera bilang dulo ng "Greater Manila Area," na kung saan pinagsama-sama ang Maynila at iba't ibang mga karatig-bayan, kasama ang Kalookan.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

sa tatlong taon ng pananakop. Naging katuwang niya si *Major* Moreno bilang pinuno ng pulisya at nagawang patakbuhin muli ng Alkalde ang pamahalaang pambayan ng Kalookan.

Hindi nagsayang ng oras at pinaghandaan ni Alkalde Basa ang pagsasaayos ng mga kalsada, paglalagay ng de-kuryenteng ilaw at muling pagbubukas ng mga paaralan. Nagtayo rin siya ng pamilihan sa Maypajo. Upang maisagawa ang mga ito ay nanghiram siya ng pera mula sa Reconstruction Finance Corporation.

Noong 1949, alinsunod sa Batas Republika 392,[107] na nagtakda ng bagong hangganan ng Lungsod Quezon batay sa mungkahi ng *Capital City Planning Commission.* Muli na namang nawalan ng mga barrio ang Kalookan, tulad ng Baesa, Bagbag, Bahaytoro, Banlat, Novaliches, Pasong Tamo, San Bartolome at Talipapa. Ang mga ito ay isinama sa Lungsod Quezon.

Ang kabuuang bilang ng populasyon ng Kalookan noong 1949 ay 50,996 katao.[108] Ito pa rin ang nangunguna sa mga munisipalidad ng Rizal pagdating sa populasyon. Ang sumunod dito ay ang Malabon na may 46,455 katao, at Makati na may 41,355 katao.

Ang mga Nacionalista ay bumalik sa kapangyarihan noong 1951 nang mahalal si Koronel Macario B. Asistio bilang Alkalde at si Benito M. Lizardo bilang Bise-Alkalde. Ipinagpatuloy ng rehimeng Nacionalista ang pagpapaayos ng bayan. Pinakumpuni at pinaganda nila ang mga kalsada, naglagay ng mga *water pumps*, at nagbigay ng kaayusan at katahimikan sa mga mamamayan ng Kalookan.

Kilala ang Kalookan sa kanyang pagiging makabayan. Bilang bayan kung saan nagsimula ang Himagsikan at ang humarap sa matinding pag-atake ng mga Amerikano sa hilaga ng Ilog Pasig sa unang linggo ng Digmaang Pilipino-Amerikano, dapat na laging maalala ng Kalookan ang kanyang dakilang nakaraan, ang kanyang magiting na pakikibahagi sa pakikibaka ng bayan para sa kalayaan at pagsasarili. Ngunit hindi nagkukulang ang Kalookan dito: isa sa

[107] *TT:* Na may pamagat na AN ACT TO AMEND SECTION THREE OF COMMONWEALTH ACT NUMBERED FIVE HUNDRED AND TWO, AS AMENDED, REDEFINING THE BOUNDARIES OF QUEZON CITY.

[108] *TS:* Ayon sa *Census of the Philippines* noong 1948. Noong 1955 ay ipinabatid ng Tanggapan ng Alkalde ng Kalookan na ang bilang ay lumagpas na sa 70,000.

© 2023 Wogie T. Pacala

mga kalye ay pinangalanang “Heroes del 96.” Mayroon ding “Kalye Bayani.” Marami sa mga kalye nito ay dala ang pangalan ng ating mga pambansang bayani tulad nina Jose P. Rizal, Plaridel, Jacinto, Geronimo, P. Burgos, P. Zamora, A. Mabini, Hizon, Garcia, Alvarez, Tecson, San Miguel, Heneral Luna, Aglipay, Bonifacio, Malvar, Lopez Jaena at Torres Bugallon. Sina Bonifacio, Hizon, Garcia, Torres Bugallon at Luna ay nagpakita ng kanilang katapangan sa mga labanang ginanap sa Kalookan.[109]

Hindi rin nalimutan ng Kalookan ang kaniyang mga bayani o mga kilalang mamamayan. Ilan sa mga kalsada ay ipinangalan sa kanila tulad nina Apolonio Samson, Andres Bolinao, Lorenzo, Luna [*sic:* Lorenzong Lupa] Cecilio Apostol, L. Nadurata, D. Aquino, P. Sevilla, C. Cordero, J. Rodriguez at S. Baltazar.[110]

Para sa taong piskal na magtatapos sa Hunyo 30, 1954 ay kumita ang Kalookan ng halagang P654,063.47.[111] May 6,182 na estudyante ang nag-aaral sa mga pampublikong paaralan habang may 4,024 na mag-aaral naman sa mga pribadong paaralan. Mayroon itong 289 na industriyal na establisimiyento o pagawaan tulad ng mga destileria, pandayan (*foundry shops*), mga kagamitan (*furniture*), pagawaan ng mga damit, sapatos, atbp.[112] Ang mga dating sakahan at kagubatan sa Kalookan ay naging mga subdivisions.

Muling nahalal si Alkalde Asistio noong 1955, sa kabila ng matitinding kritisismo[113] na ibinato sa kanyang pamamahala. Bagaman may tig-dalawang kandidato ng mga Partido Liberal at Demokratiko[114] ang nahalal bilang mga konsehal, nananatili pa ring hawak ng mga Nacionalista ang Sangguniang

---

[109] *TT:* Sa pagsasagawa pa ng maraming kalsada sa labas ng Poblacion at Kalaanan, ilang dekada matapos ilabas ang akda, ay maraming mga kalsada sa Bagong Barrio, sa Monumento, at maraming mga *subdivisions* sa Hilagang Kalookan ang nagpangalan ng mga kalsadang may pagpaparangal sa mga personalidad ng Himagsikan.

[110] *TT:* Ang mga pinaikling pangalan ay: Leon Nadurata, Dominador Aquino, Pedro Sevilla, Cornelio Cordero, Joaquin Rodriguez at Silverio Baltazar. Liban kay Nadurata, ang lahat ng iba pang pangalang nabanggit ay mga naging punongbayan ng Kalookan mula 1898 hanggang 1944.

[111] *TS:* Ang datos ay mula sa tanggapan ng Ingat-Yaman ng Munisipalidad ng Kalookan. *TT:* Ngayong 2023, ito ay nagkakahalaga ng 86,495,421.60 piso.

[112] *TS:* Ang impormasyong ito ay nakuha mula sa tanggapan ng Alkalde ng Kalookan.

[113] *TT:* Makikita ang kritisismo laban kay Asistio sa mga isyu ng pahayagan noong dekada 50. Ilan sa mga rito ay pagiging “hotspot” sa mga kaguluhang may kaugnayan sa halalan, korapsyon at krimen. Ang pinakamatindi ay sa kaniyang huling termino, na kung saan, ginanap ang “Battle of Caloocan,” noong 1970.

[114] *TT:* Ang Partido Demokratiko (*Democratic Party*) ay kumalas sa Partido Liberal na lumaon ay muling sumama sa Partido Nacionalista. Si Carlos P. Romulo ang Pangulo ng lapiang ito.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

Bayan dahil marami pa rin ang nahalal na mga Nacionalistang konsehal.[115] Sa pamamagitan ng kita na higit pa sa P930,000.00, naisulong ng administrasyong Asistio noong 1955 hanggang 1956 ang iba't ibang mga proyekto tulad ng pagpapaganda ng plaza ng bayan, pagdaragdag sa hanay ng mga kapulisan, pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan, mas maayos na pagkontrol sa daloy ng trapiko dahil sa pagbili ng mga *radio mobile cars* at mga motorsiklo, ang pagtatayo ng mga *police outposts* na may telepono, pagpapa-aspalto ng mga kasada at pagkuha ng kooperasyon ng ilang mga establisimiyentong industriyal sa pagresolba sa problema ng kawalan ng hanapbuhay.

## XII

Ano nga ba ang hinaharap ng Kalookan? Sa harap ng pagsikip ng Maynila, at ang pagtanggi ng mga opisyal ng Lungsod Quezon na payagan ang ilang mga establisimiyentong industriyal sa magiging kapitolyo ng bansa, liban sa ilang bahagi ng kanlurang bahagi nito; gayundin ang mabagal na pagresolba ng Pamahalaang Pambansa sa usapin ng agraryo at pag-aaklas sa Gitnang Luzon, masasabi na tataas ang populasyon ng Kalookan at ang pag-unlad ng kanyang ekonomiya ay magpapatuloy sa araw-araw.

Ngunit ang bisyo at krimen ay makakaapekto sa pagiging mapamaraan ng mga nanunungkulan. Laging ibinabato ang pagtuligsa sa kawalang-kakayanan ng mga opisyal ng bayan na maisaayos ito at ito'y alam na ng nakararami at lalo ng mga taga-Kalookan dahil na rin sa paglabas nito sa mga pahayagan. Ani ng isang kolumnista, "alam ng madla na ang Kalookan ay sentro ng bisyo," at "marami sa mga dating naninirahan dito ay ikinahihiyang sabihin na sila'y mula sa Kalookan[116]."

Ngunit batid din ng marami na ang Kalookan ay may kinaiinggitang paglago at pag-unlad. Walang makakapigil dito, dahil na rin sa magandang lokasyon ng bayan at mga oportunidad na kaya nitong maibigay sa mga namumuhunan, negosyante, propesyunal at mga taong may-kaya. Sa kabila ng mga ibinabato

[115] *TT:* Walo ang mga konsehal na inihahalal sa noo'y Munisipalidad ng Kalookan. Ang mga ito'y sina: Federico Rodriguez (Nacionalista), Macario F. Ramirez (Nacionalista), Gregorio Aruelo (Nacionalista), Arsenio de Leon (Liberal), Alejandro Sanchez (Nacionalista), Victor Rey Hipolito (Democratic), Amparo Perez (Liberal) at Luis L. Yap (Democratic). Mula sa *Report of the Commission on Elections to the President of the Philippines and the Congress on the manner the lections were held on November 8, 1955.* (Manila: Bureau of Printing, 1956): 291.

[116] *TS:* Alejandro R. Roces, "Roses and Thorns," *The Daily Mirror,* Abril 15, 1955.

© 2023 Wogie T. Pacala

ISSN 2651-7108

laban sa bayan at sa mga namumuno rito, masasabi pa rin na ito ang isa sa pinakamaunlad na bayan sa ating bansa sa kasalukuyan.

## References

Calairo, Emmanuel at Franco Calairo, Rosalina. *Ang Kasaysayan ng Novaliches mula prehistori hanggang sa panahon ng Hapon.* Lungsod Quezon: Palimbag ng mga may-akda, 1997.

Cruz, Romeo V. "Sources of Local History," *sa Asian Studies* 22-24 (1984-1986): 1-9.

Fider, Alejandro A. at Joaquin, Agapito M. *Sons of the Fishermen.* Lungsod Kalookan: Palimbag ng Pamilya ni Laureana C. de Bairan, 1977. Mula sa Koleksyon ng Aklatang Lungsod ng Kalookan.

Joaquin, Agapito M. (Patnugot). *Two Golden Decades, 1951-1970*, unang edisyon. Lungsod Kalookan, 1971. Koleksyon ng Aklatang Lungsod ng Kalookan.

Joaquin, Agapito M. (Patnugot). *Two Golden Decades 1951-1970*, ikalawang edisyon. Lungsod Kalookan, 1981. Koleksyong Nick Joaquin, Unibersidad ng Santo Tomas.

*Kalookan: Tungo sa Lungsod ng Tao*, Pamahalaang Lungsod ng Kalookan, 1979. Koleksyon ng Aklatang Lungsod ng Kalookan.

Navarro, Atoy at Campomanes, Alvin. "Mapanuring Pagsasaling Bayan ng The Aquino Papers na Unang Inilathala sa The Bangkok Post (Pebrero 21-23, 1973)." SALIKSIK E-Journal Tomo 7, Blg. 2 (Mayo 2018). https://ejournals.ph/article.php?id=14336

*Pang-alaalang Palatuntunan sa Pistang Lungsod ng Kalookan sa karangalan ng mga pinipintakasing Mahal na Birhen de la Nieva at Poong San Roque ika 20-21 ng Pebrero 1965.*

Pante, Michael D. *A Capital City at the Margins: Quezon City and Urbanization in the Twentieth Century Philippines.* Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2017.

Santos, Mark Joseph at Tugano, Axle Christien J. "Salin at Anotasyon Ng Mga Dokumento Ng H. Otley Beyer Ethnographic Collection Ukol Sa Marikina". *TALA: An Online Journal of History*, 5:2 (Dec. 2022). http://talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/126.

Serrano, Leopoldo R. "A Brief History of Caloocan" sa *Buletin ng Kapisanang Pangkasaysayan ng Pilipinas,* (March 1958): 41-64.

Serrano, Leopoldo R. "Caloocan City Marks 9th Foundation Day," *Weekly Nation*, Pebrero 15, 1971.

© 2023 Wogie T. Pacala